



# **County ng Santa Clara Handbook ng Miyembro para sa Kalusugan na Nauugnay sa Pag-uugali**

**Mga Specialty na Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-  
iisip at Organisadong Sistema ng Paghahatid ng  
Gamot ng Medi-Cal**

**828 S. Bascom Ave.  
San Jose, CA 95128  
1-800-704-0900**

**24 na oras, 7 araw sa isang linggo kabilang ang mga holiday**

---

**Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: Pebrero 1, 2026<sup>1</sup>**

<sup>1</sup> Dapat ialok ang handbook sa unang beses na i-access ng miyembro ang mga serbisyo.



COUNTY OF SANTA CLARA  
**Behavioral Health Services**  
Supporting Wellness and Recovery



## **ABISO NG MGA PAGKAKAROON NG SERBISYO NG TULONG SA WIKA AT KARAGDAGANG TULONG AT SERBISYO**

### **Tagalog (Filipino)**

ATENSYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika tumawag sa 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 o 711). Available rin ang mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento na nasa braille at malaking print. Tumawag sa 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 o 711). Ang mga serbisyong ito ay walang bayad.

### **English**

ATTENTION: If you need help in your language call 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 or 711). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 or 711). These services are free of charge.

### **العربية (Arabic)**

ملاحظة: إذا كنت بحاجة إلى مساعدة بلغتك، فيرجى الاتصال على رقم 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 أو 711). كما تتوفر أيضًا الوسائل المساعدة والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة برايل والمطبوعة بخط كبير. لذا يرجى الاتصال على رقم 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 أو 711). فهذه الخدمات مجانية.

### **Հայերեն (Armenian)**

ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ՝ Եթե Ձեր լեզվով օգնության կարիք ունեք, գանգահարեք 1-800-704-0900 հեռախոսահամարով (հեռագրեք՝ 1-800-855-7100 կամ 711: Հասանելի են նաև հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար անհրաժեշտ օժանդակ միջոցները և ծառայությունները, ինչպիսիք են բրայլյան գրերով և խոշոր տառերով փաստաթղթերը: Չանգահարեք 1-800-704-0900 հեռախոսահամարով (հեռագրեք՝ 1-800-855-7100 կամ 711): Սույն ծառայություններն անվճար են:

### **ភាសាខ្មែរ (Cambodian)**

សម្គាល់: ប្រសិនបើអ្នកត្រូវការជំនួយជាភាសាបស្ចុគ សូមទូរសព្ទទៅលេខ 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 ឬ 711)។ ជំនួយ និងសេវាកម្មសម្រាប់ជនមានពិការភាព ដូចជាឯកសារជាអក្សរស្នាប និងអក្សរបោះពុម្ពធំៗ ក៏មានផ្តល់ជូនផងដែរ។ សូមទូរសព្ទទៅលេខ 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 ឬ 711)។ សេវាកម្មទាំងនេះគឺឥតគិតថ្លៃ។

### **繁體中文 (Chinese)**

注意：如果您需要以您的語言獲得協助，請致電 1-800-704-0900（聽障人士專用號碼：1-800-855-7100 或 711）。我們也為殘障人士提供輔助器材與服務，例如盲文和大字版文件。請致電 1-800-704-0900（聽障人士專用號碼：1-800-855-7100 或 711）。這些服務是免費的。

### **فارسی (Farsi)**

توجه: اگر به زبان خودتان نیاز به کمک دارید با 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 یا 711) تماس بگیرید. همچنین وسایل و خدمات برای افراد توان‌یاب، نظیر اسناد به خط بریل و چاپ درشت نیز موجود است. با 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 یا 711) تماس بگیرید. این خدمات رایگان است.



### **हिंदी (Hindi)**

ध्यान दें: यदि आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 या 711) पर कॉल करें। विकलांग लोगों के लिए सहायता और सेवाएँ, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट वाले दस्तावेज़, कम उपलब्ध हैं। (1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 या 711) पर कॉल करें। ये सेवाएँ निःशुल्क हैं।

### **Lus Hmoob (Hmong)**

CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab ua koj hom lus hu rau 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 los sis 711). Cov kev pab thiab cov kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li cov ntaub ntawv su thiab cov ntawv loj los kuj muaj tib si. Hu rau 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 los sis 711). Cov kev pab cuam no yog pub dawb xwb.

### **日本語 (Japanese)**

注意：ご希望の言語での支援が必要な場合は、1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100または711)までご連絡ください。点字や拡大文字の書類など、障がいのある方のための支援機器およびサービスもご利用いただけます。1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100または711)までご連絡ください。これらのサービスは無料でご利用いただけます。

### **한국어 (Korean)**

주의: 언어 지원이 필요하신 경우 전화 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 또는 711)으로 문의하십시오. 점자 및 큰 활자체 책자와 같은 장애인을 위한 보조 기기 및 서비스도 제공됩니다. 전화 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 또는 711)으로 문의하십시오. 해당 서비스는 무료입니다.

### **ພາສາລາວ (Laotian)**

ໝາຍເຫດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອ ເປັນພາສາຂອງທ່ານ, ກະລຸນາໂທຫາ 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 ຫຼື 711). ນອກຈາກນັ້ນ ຍັງມີການຊ່ວຍເຫຼືອ ແລະ ການບໍລິການສໍາລັບບຸກຄົນທີ່ມີຄວາມພິການ, ເຊັ່ນ: ເອກະສານທີ່ມີອັກສອນນູນ ແລະ ຕົວພິມໃຫຍ່. ກະລຸນາໂທຫາ 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 ຫຼື 711). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ແມ່ນບໍ່ມີຄ່າໃຊ້ຈ່າຍ.

### **Mien**

JIENV LONGC NYELi: Se gorngv meih qiemx zuqc tengx taux waac nor heuc bun yie mbuo gan naaiv norm deic zerqv 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 or 711). Aengx maaiah ganh nyungc qiemx zuqc tengx caux buoz zaux waaic nyei mienh, hnangv sou nzaangc mbong faaux gu'nguaic caux nzaangc yienz cuotv hlo, corc maaiah gaux jienv nyei. Heuc gan 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 or 711). Naaiv deix tengx nyei jauv maaiv zuqc zinh nyaanh oc.

### **ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi)**

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਸੀਂ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਚਾਹੁੰਦੇ ਹੋ ਤਾਂ 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 ਜਾਂ 711) 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ। ਜਾਂ 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 ਜਾਂ 711) 'ਤੇ ਸੰਪਰਕ ਕਰੋ। ਅਪਾਰਜ ਲੋਕਾਂ



COUNTY OF SANTA CLARA  
**Behavioral Health Services**

Supporting Wellness and Recovery

ਲਈ ਸਹਾਇਕ ਸਾਧਨ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਲਿਪੀ ਅਤੇ ਵੱਡੇ ਅੱਖਰਾਂ ਵਾਲੇ ਦਸਤਾਵੇਜ਼ ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਬਿਲਕੁਲ ਮੁਫਤ ਹਨ।

**Русский (Russian)**

ВНИМАНИЕ: Если вам нужна помощь на вашем языке, позвоните по телефону 1-800-704-0900 (телетайп: 1-800-855-7100 или 711). Также доступны приспособления и услуги для лиц с ограниченными возможностями, такие как документы, напечатанные шрифтом Брайля и крупным шрифтом. Позвоните по телефону 1-800-704-0900 (телетайп: 1-800-855-7100 или 711). Эти услуги предоставляются бесплатно.

**Español (Spanish)**

ATENCIÓN: Si necesita ayuda en su idioma, llame al 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 o 711). También se ofrecen servicios y asistencia para personas con discapacidad, como documentos en braille y en letra grande. Llame al 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 o 711). Estos servicios son gratuitos.

**ภาษาไทย (Thai)**

โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือด้านภาษา โปรดโทร 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 หรือ 711) อุปกรณ์และบริการสำหรับผู้พิการ เช่นเอกสารอักษรเบรลล์และเอกสารพิมพ์ตัวอักษรขนาดใหญ่ ก็มีให้บริการเช่นกัน โปรดโทร 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 หรือ 711) บริการเหล่านี้ฟรี ไม่มีค่าใช้จ่าย

**Українська (Ukrainian)**

УВАГА: Якщо вам потрібна допомога у спілкуванні вашою мовою, зателефонуйте за номером 1-800-704-0900 (телетайп: 1-800-855-7100 або 711). Також доступні допоміжні засоби та послуги для людей з обмеженими можливостями, наприклад, документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом.. Телефонуйте за номером 1-800-704-0900 (телетайп: 1-800-855-7100 або 711). Ці послуги є безкоштовними

**Tiếng Việt (Vietnamese)**

XIN LƯU Ý: Nếu quý vị cần hỗ trợ bằng ngôn ngữ của mình, xin gọi 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 hoặc 711). Chúng tôi cũng cung cấp các thiết bị và dịch vụ hỗ trợ cho người khuyết tật, chẳng hạn như tài liệu in chữ nổi braille và bản in khổ lớn. Xin gọi 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 hoặc 711). Những dịch vụ này hoàn toàn miễn phí.



## **TALAAN NG MGA NILALAMAN**

|                                                                                                                                                                         |            |
|-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------------|
| <b>ABISO NG MGA PAGKAKAROON NG SERBISYO NG TULONG SA WIKA AT KARAGDAGANG TULONG AT SERBISYO .....</b>                                                                   | <b>2</b>   |
| <b>IBA PANG MGA WIKA AT MGA FORMAT .....</b>                                                                                                                            | <b>6</b>   |
| <b>IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN SA COUNTY.....</b>                                                                                                                  | <b>9</b>   |
| <b>LAYUNIN NG HANDBOOK NA ITO .....</b>                                                                                                                                 | <b>10</b>  |
| <b>IMPORMASYON SA MGA SERBISYO SA KALUSUGAN NA NAUUGNAY SA PAG-UUGALI .....</b>                                                                                         | <b>12</b>  |
| <b>PAG-ACCESS NG MGA SERBISYO SA KALUSUGAN NA NAUUGNAY SA PAG-UUGALI .....</b>                                                                                          | <b>16</b>  |
| <b>PAGPILI NG PROVIDER.....</b>                                                                                                                                         | <b>26</b>  |
| <b>ANG IYONG KARAPATANG I-ACCESS ANG MGA TALAAN SA KALUSUGAN NA NAUUGNAY SA PAG-UUGALI AT ANG IMPORMASYON NG DIREKTORYO NG PROVIDER GAMIT ANG MGA SMART DEVICE.....</b> | <b>29</b>  |
| <b>SAKLAW NG MGA SERBISYO .....</b>                                                                                                                                     | <b>30</b>  |
| <b>MGA SERBISYONG AVAILABLE SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO TELEHEALTH .....</b>                                                                                             | <b>60</b>  |
| <b>ANG PROSESO NG PAGLUTAS NG PROBLEMA: PARA MAGHAIN NG KARAINGAN, APELA, O HUMILING NG PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO .....</b>                                           | <b>61</b>  |
| <b>PAUNANG DIREKTIBA.....</b>                                                                                                                                           | <b>74</b>  |
| <b>MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD .....</b>                                                                                                                           | <b>75</b>  |
| <b>ABISO SA HINDI PANDIDISKRIMINA .....</b>                                                                                                                             | <b>88</b>  |
| <b>ABISO SA MGA GAWAIN SA PRIVACY .....</b>                                                                                                                             | <b>91</b>  |
| <b>MGA SALITANG DAPAT MALAMAN.....</b>                                                                                                                                  | <b>94</b>  |
| <b>KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA IYONG COUNTY.....</b>                                                                                                             | <b>105</b> |



## **IBA PANG MGA WIKA AT MGA FORMAT**

### **Iba Pang mga Wika**

Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika tumawag sa 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 o 711). Available rin ang mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento na nasa braille at malaking print. Tumawag sa 1-800-704-0900 (TTY: 1-800-855-7100 o 711). Ang mga serbisyong ito ay walang bayad.

### **Iba Pang mga Format**

Maaari mong makuha ang impormasyong ito sa iba pang mga format, tulad ng braille, malaking print na 20-point font, audio, at naa-access na electronic na mga format, nang walang bayad sa iyo. Tumawag sa numero ng telepono ng county na nakalista sa pabalat ng handbook na ito (TTY: 1-800-855-7100 o 711). Libre ang tawag.

## **Interpreter Services**

Nagbibigay ang county ng mga serbisyong oral na interpretasyon mula sa isang kwalipikadong interpreter, 24 oras sa isang araw, nang walang bayad. Hindi mo kailangang gumamit ng miyembro ng pamilya o kaibigan bilang interpreter. Hindi hinihikayat ang paggamit ng mga menor de edad bilang interpreter, maliban na lamang kung may emerhensiya.

Maaari ring magbigay ang county ng mga karagdagang tulong at serbisyo sa isang miyembro ng pamilya, kaibigan, o sinumang naaangkop na makipag-ugnayan para sa iyo. Available ang mga serbisyo ng interpreter, lingguwistiko, at pangkultura nang walang bayad.

May tulong na available 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para sa tulong sa wika o upang



makuha ang handbook na ito sa ibang wika, tumawag sa numero ng telepono ng county na nakalista sa pabalat ng handbook na ito (TTY: 1-800-855-7100 o 711). Libre ang tawag.



## **IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN SA COUNTY**

Narito kami para tumulong. Ang sumusunod na impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng county ay makakatulong sa iyo na makuha ang mga serbisyong kailangan mo.

County ng Santa Clara Call Center 1-800-704-0900

Website ng County ng Santa Clara <https://bhdp.santaclaracounty.gov/home>

Direktoryo ng mga Provider ng County ng Santa Clara

<https://bhds.santaclaracounty.gov/behavioral-health-services-provider-directories>

Mga mapagkukunan sa edukasyon ng miyembro ng Mga Application Programming Interfaces (API) sa Pag-access ng Pasyente ng County

<https://bhdp.santaclaracounty.gov/resources/provider-directory-patient-access-application-program-interface-api>

Mga Form para sa Reklamo at Apela ng County [QA@hhs.sccgov.org](mailto:QA@hhs.sccgov.org), (408) 793-5894

### **Kanino Ako Makikipag-ugnayan Kung Naiisip Kong Magpakamatay?**

Kung may pinagdaraan ka o ang isang kakilala mo, mangyaring tumawag sa 988 Linya para sa Pagpapakamatay at Krisis sa **988** o sa Pambansang Lifeline para sa Pagpigil ng Pagpapakamatay sa **1-800-273-TALK (8255)**. Available ang makipag-chat sa <https://988lifeline.org/>.

Para ma-access ang iyong mga lokal na programa, mangyaring tumawag sa 24/7 na Linya para sa Access na nakalista sa itaas.



## LAYUNIN NG HANDBOOK NA ITO

### **Bakit mahalagang basahin ang handbook na ito?**

Ang iyong county ay may plano sa kalusugan ng pag-iisip na nag-aalok ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na tinatawag na “mga specialty na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip.” Bukod pa rito, ang iyong county ay may Organisadong Sistema sa Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal na nagbibigay ng mga serbisyo para sa pag-inom ng alak o paggamit ng droga, na tinatawag na “mga serbisyo para sa disorder sa paggamit ng substance. Magkasama tinatawag ang mga serbisyong ito na “mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali,” at mahalagang mayroon kang impormasyon tungkol sa mga serbisyong ito para matanggap mo ang pangangalagang kailangan mo. Ipinapaliwanag sa handbook na ito ang iyong mga benepisyo at kung paano makakuha ng pangangalaga. Sasagutin din nito ang marami sa iyong mga katanungan.

Matututunan mo:

- Paano makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali sa pamamagitan ng iyong county.
- Ano ang mga benepisyon puwede mong i-access.
- Ang dapat gawin kung mayroon kang tanong o problema.
- Ang iyong mga karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng iyong county.
- Kung may karagdagang impormasyon tungkol sa iyong county, na puwedeng nakasaad sa dulo ng handbook na ito.

Kung hindi mo babasahin ang handbook na ito ngayon, dapat ay itabi mo ito para mabasa mo ito sa ibang pagkakataon. Ang aklat na ito ay para gamitin kasama ng aklat na nakuha mo noong nag-sign up ka para sa iyong benepisyo sa Medi-Cal. Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa iyong mga benepisyo sa Medi-Cal, tawagan ang county gamit ang numero ng telepono na nasa harapan ng aklat na ito.



**Saan Ako Puwedeng Pumunta para sa Higit Pang Impormasyon Tungkol sa Medi-Cal?**

Bitatahin ang website ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang

Pangkalusugan <https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Pages/Beneficiaries.aspx>

para sa higit pang impormasyon tungkol sa Medi-Cal.



## **IMPORMASYON SA MGA SERBISYO SA KALUSUGAN NA NAUUGNAY SA PAG-UUGALI**

### **Paano Malalaman Kung Kailangan Mo o ng Isang Kakilala Mo ng Tulong?**

Maraming tao ang may pinagdaraan sa buhay at posibleng makaranas ng mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o paggamit ng substance. Ang pinakamahalagang bagay na dapat tandaan ay may available na tulong. Kung kwalipikado ka o ang iyong miyembro ng pamilya para sa Medi-Cal at kailangan ninyo ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali, tumawag sa 24/7 na Linya para sa Access na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Ang iyong plano ng managed care ay makakatulong din sa iyo na makipag-ugnayan sa county mo kung sa palagay nila ay kailangan mo o ng isang miyembro ng pamilya ang mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali na hindi sinasaklaw ng plano ng pinapamahalaang pangangalaga. Matutulungan ka ng iyong county na maghanap ng provider o hanapin ang mga serbisyong kailangan mo.

Makakatulong sa iyo ang listahan sa ibaba na magpasya kung kailangan mo o ng isang miyembro ng pamilya ng tulong. Kung may mahigit sa isang senyales o kung nangyayari ito sa loob ng matagal na panahon, posibleng senyales ito ng mas malalang problema na nangangailangan ng tulong ng propesyonal. Narito ang ilang karaniwang senyales na posibleng kailangan mo ng tulong sa isang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o paggamit ng substance:

### **Mga Naiisip at Saloobin**

- Pabagu-bagong mood na mistulang walang dahilan, gaya ng:
  - Labis na pag-aalala, pagkabagabag, o takot
  - Labis na kalungkutan o kawalan ng sigla
  - Labis na kasiyahan, pakiramdam na nasa ibabaw ng mundo
  - Moody o matagal magalit
- Nag-iisip na magpakamatay
- Nakatuon lang sa pagkuha at pag-inom ng alak o paggamit ng droga
- Mga problema sa pag-focus, pag-alala o lohikal na pag-iisip at pananalita na mahirap ipaliwanag



- Mga problema sa pandinig, paningin, o pagdama ng mga bagay na mahirap ipaliwanag o na sinasabi ng karamihan ng tao na wala naman

### **Pisikal**

- Maraming pisikal na problema, na mistulang walang malinaw na dahilan, gaya ng:
  - Mga Pananakit ng ulo
  - Mga Pananakit ng tiyan
  - Palaging natutulog o hindi masyadong natutulog
  - Pagkain ng sobra o kulang
  - Hindi nakakapagsalita nang maayos
- Pagpapabaya sa hitsura o nakakabahalang hitsura, gaya ng:
  - Biglaang paggaan o pagbigat ng timbang
  - Pamumula ng mata at hindi pangkaraniwang laki ng pupil
  - Kakaibang amoy sa hininga, katawan, o damit

### **Nauugnay sa Gawi**

- Pagkakaroon ng hindi magandang kahihinatnan mula sa pag-uugali mo dahil sa mga pagbabago sa kalusugan ng iyong pag-iisip gaya ng pag-inom ng alak o paggamit ng droga, gaya ng:
  - Pagkakaroon ng mga problema sa trabaho o paaralan
  - Pagkakaroon ng mga problema sa mga ugnayan sa ibang tao, pamilya, o kaibigan
  - Paglimot sa mga dapat mong gawin
  - Kawalan ng kakayahang isagawa ang mga karaniwang pang-araw-araw na aktibidad
- Pag-iwas sa mga kaibigan, pamilya, o pakikisalamuha sa iba
- Paglilihim o lihim na pangangailangan ng pera
- Pagiging sangkot sa sistema ng batas dahil sa mga pagbabago sa kalusugan ng iyong pag-iisip o pag-inom ng alak o paggamit ng droga



## **Mga Miyembro na Wala Pang 21 Taong Gulang**

### ***Paano Ko Malalaman Kung Nangangailangan ng Tulong ang isang Bata o Tao na Wala pang 21 Taong gulang?***

Puwede kang makipag-ugnayan sa iyong county o plano ng pinapamahalaang pangangalaga para sa isang screening at pagtatasa para sa iyong anak o tinedyer kung sa palagay mo ay nagpapakita siya ng mga senyales ng kondisyon sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali. Kung kwalipikado ang iyong anak o tinedyer para sa Medi-Cal at makikita sa screening o pagtatasa na kailangan ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali, isasaayos ng county ang pagtanggap ng iyong anak o tinedyer ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali. Ang iyong plano ng managed care ay makakatulong din sa iyo na makipag-ugnayan sa county mo kung sa palagay nila ay kailangan ng iyong anak o tinedyer ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali na hindi sinasaklaw ng plano ng pinapamahalaang pangangalaga. Mayroon ding mga serbisyong available para sa mga magulang na nakakaranas ng stress sa pagiging magulang.

Ang mga menor de edad na 12 taong gulang o mas matanda, ay maaaring hindi na mangailangan ng pahintulot ng magulang upang makatanggap ng paggamot sa pasyente o pagpapayo sa kalusugan ng kaisipan kung naniniwala ang gumagamot na propesyonal na ang menor de edad ay may sapat na gulang upang makilahok sa mga serbisyong pangkalusugan sa pag-uugali. Posibleng hindi kailanganin ng mga menor de edad na may edad na 12 taon pataas ng pahintulot ng magulang para makatanggap ng medikal na pangangalaga at pagpapayo para sa paggamot ng problemang nauugnay sa disorder sa paggamit ng substance. Kinakailangan ang magulang o tagapangalaga maliban na lang kung mapagpapasyahan ng gumagamot na propesyonal na hindi naaangkop ang kanilang pakikibahagi pagkatapos kausapin ang menor de edad.

Makakatulong sa iyo ang listahan sa ibaba na pagpasyahan kung kailangan ba ng iyong anak o tinedyer ng tulong. Kung may mahigit sa isang senyales o kung nangyayari ito sa loob ng matagal na panahon, posibleng may malalang problema ang iyong anak o tinedyer na nangangailangan ng tulong ng propesyonal. Narito ang ilang senyales na dapat bantayan:



- Problema sa pagtutuon ng atensyon o pananatiling nakapirmi, na naglalagay sa kanila sa pisikal na panganib o nagdudulot ng mga problema sa paaralan
- Matinding pag-aalala o takot na humahadlang sa mga pang-araw-araw na aktibidad
- Biglaang labis na takot na walang dahilan, na kung minsan ay may kasabay na mabilis na pagtibok ng puso o mabilis na paghinga
- Lubos na kalungkutan o paglayo sa ibang tao sa loob ng dalawang linggo o higit pa, na nagdudulot ng mga problema sa mga pang-araw-araw na aktibidad
- Pabagu-bagong mood na nagdudulot ng mga problema sa mga ugnayan sa iba
- Malaking pagbabago sa pag-uugali
- Hindi kumakain, nagsusuka, o gumagamit ng gamot na pampapayat
- Paulit-ulit na pag-inom ng alak o paggamit ng droga
- Malubha, hindi makontrol na pag-uugali na puwedeng makasakit sa sarili o sa iba
- Mga seryosong plano o sinusubukang saktan o patayin ang sarili
- Paulit-ulit na pakikipag-away, paggamit ng armas, o seryosong plano na manakit ng iba



## **PAG-ACCESS NG MGA SERBISYO SA KALUSUGAN NA NAUUGNAY SA PAG-UUGALI**

### **Paano Ako Makakakuha ng Mga Serbisyo sa Kalusugan na Nauugnay sa Pag-uugali?**

Kung sa palagay mo ay kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali gaya ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at/o serbisyo para sa disorder sa paggamit ng substance, puwede kang tumawag sa iyong county gamit ang numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Sa oras na makipag-ugnayan ka sa county, sasailalim ka sa screening at iiiskedyul ka para sa isang appointment para sa pagtatasa.

Puwede ka ring humiling ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali mula sa iyong plano ng pinapamahalaang pangangalaga kung isa kang miyembro. Kung matutukoy ng plano ng pinapamahalaang pangangalaga na nakakatugon ka sa mga pamantayan ng pag-access ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali, tutulungan ka ng plano ng pinapamahalaang pangangalaga na sumailalim sa pagtatasa para sa pagtanggap ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali sa pamamagitan ng iyong county. Sa huli, walang maling paraan upang makakuha ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali. Puwedeng magawa mo ring tumanggap ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali sa pamamagitan ng iyong plano ng pinapamahalaang pangangalaga bukod pa sa mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali sa pamamagitan ng iyong county. Maa-access mo ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng iyong provider ng kalusugan na nauugnay sa pag-uugali kung matutukoy ng provider mo na klinikal na naaangkop para sa iyo ang mga serbisyo at basta't isinaayos at hindi duplicate ang mga serbisyong iyon.

Bukod pa rito, isaisip ang mga sumusunod:

- Puwede kang i-refer sa iyong county para sa mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali ng ibang tao o organisasyon, kasama ang iyong pangkalahatang practitioner/doktor, paaralan, isang miyembro ng pamilya,



tagapangalaga, iyong plano ng pinapamahalaang pangangalaga, o iba pang ahensya sa county. Kadalasan, kakailanganin ng iyong doktor o ng plano ng pinapamahalaang pangangalaga ang iyong pahintulot o ang pahintulot ng magulang o tagapag-alaga ng bata, para direktang makapag-refer sa county, maliban na lang kung may emergency.

- Hindi puwedeng tanggihan ng iyong county ang kahilingang magsagawa ng paunang pagtatasa para matukoy kung nakakatugon ka sa mga pamantayan para sa pagtanggap ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali.
- Ang mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali ay puwedeng ibigay ng county o ng iba pang provider na kinkontrata ng county (gaya ng mga klinika, center para sa paggamot, organisasyon batay sa komunidad, o indibidwal na provider).

### **Saan Ako Puwedeng Kumuha ng Mga Serbisyo sa Kalusugan na Nauugnay sa Pag-uugali?**

Puwede kang kumuha ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali sa county kung saan ka nakatira, at sa labas ng county mo kung kinakailangan. Ang bawat county ay may mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali para sa mga bata, kabataan, nasa hustong gulang, at nakatatanda. Kung wala ka pang 21 taong gulang, karapat-dapat ka para sa karagdagang pagsaklaw at mga benepisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot. Tingnan ang seksyong “Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot” ng handbook na ito para sa higit pang impormasyon.

Tutulungan ka ng iyong county na makahanap ng provider na makakapagbigay sa iyo ng pangangalagang kailangan mo. Dapat kang i-refer ng county sa provider na pinakamalapit sa tirahan mo, o na nasa oras o distansyang nakakatugon sa mga pangangailangan mo.

### **Kailan Ako Puwedeng Kumuha ng Mga Serbisyo sa Kalusugan na Nauugnay sa Pag-uugali?**



Dapat makatugon ang iyong county sa mga pamantayan sa oras ng appointment kapag nag-iiskedyul ng serbisyo para sa iyo. Para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, dapat kang alukin ng county ng appointment:

- Sa loob ng 10 araw ng negosyo ng iyong hindi agarang kahilingang magsimula ng mga serbisyo sa plano sa kalusugan ng pag-iisip;
- Sa loob ng 48 oras kung hihiling ka ng mga serbisyo para sa agarang kondisyon na hindi nangangailangan ng paunang pahintulot;
- Sa loob ng 96 oras para sa agarang kondisyon na nangangailangan ng paunang pahintulot;
- Sa loob ng 15 araw ng negosyo ng iyong hindi agarang kahilingan para sa appointment sa isang psychiatrist; at,
- Sa loob ng 10 araw ng negosyo mula sa paunang appointment para sa mga hindi agarang follow up na appointment para sa mga kasalukuyang kondisyon.

Para sa mga serbisyo para sa disorder sa paggamit ng substance, dapat kang alukin ng county ng appointment:

- Sa loob ng 10 araw ng negosyo mula sa iyong hindi agarang kahilingan na magsimula ang mga serbisyo ng provider ng problema sa paggamit ng sangkap para sa serbisyo sa outpatient at masinsinang serbisyo sa outpatient;
- Sa loob ng 48 oras kung hihiling ka ng mga serbisyo para sa agarang kondisyon na hindi nangangailangan ng paunang pahintulot;
- Sa loob ng 96 oras para sa agarang kondisyon na nangangailangan ng paunang pahintulot;
- Sa loob ng 3 araw ng negosyo mula sa iyong kahilingan para sa mga serbisyo ng Programa ng Paggamot sa Narcotics;
- Isang follow-up na hindi agarang appointment sa loob ng 10 araw kung sumasailalim ka sa isang paggamot para sa kasalukuyang problema sa paggamit ng sangkap, maliban sa ilang partikular na kaso na tinukoy ng provider na gumagamot sa iyo.



Gayunpaman, puwedeng mas tumagal ang mga panahong ito kung natukoy ng iyong provider na angkop ang mas mahabang panahon ng paghihintay at hindi makakasama sa iyong kalusugan. Kung sinabi sa iyo na inilagay ka sa isang waitlist at sa palagay mo ay makakasama sa iyong kalusugan ang tagal ng paghihintay, makipag-ugnayan sa iyong county sa numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. May karapatan kang magsampa ng karaingan kung hindi ka nakatanggap ng napapanahong pangangalaga. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paghahain ng karaingan, tingnan ang seksyong “Ang Proseso ng Karaingan” ng handbook na ito.

### **Ano ang Mga Pang-emergency na Serbisyo?**

Ang mga serbisyong pang-emergency ay para sa miyembrong nakakaranas ng hindi inaaasahang medikal na kondisyon, kasama ang isang psychiatric na pang-emergency na medikal na kondisyon. Ang pang-emergency na medikal na kondisyon ay may mga napakalalang sintomas (posibleng kabilang ang matinding pananakit) kung saan puwedeng asahan ng isang karaniwang tao na puwedeng mangyari ang mga sumusunod anumang oras:

- Ang kalusugan ng indibidwal (o ang kalusugan ng isang hindi pa isinisilang na bata) ay puwedeng nasa malubhang panganib
- Nagdudulot ng malubhang pinsala sa iyong katawan
- Nagdudulot ng malubhang pinsala sa anumang organo o bahagi ng katawan

Isang psychiatric na pang-emergency na medikal na kondisyon na nangyayari kapag inisip ng isang karaniwang tao na ang isang tao ay:

- Kasalukuyang panganib sa kanyang sarili o ng ibang tao dahil sa lagay ng pag-iisip o pinaghihinalaang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip.
- Kaagad na hindi makapagbigay ng kanilang mga pangangailangan, tulad ng; pagkain, damit, tirahan, personal na kaligtasan o pag-access ng kinakailangang pangangalagang medikal dahil sa kondisyon ng kalusugan ng isip o pinaghihinalaang kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip at/o malubhang disorder sa paggamit ng substance.



Sinasaklaw ang mga serbisyong pang-emergency nang 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, para sa mga miyembro ng Medi-Cal. Hindi kailangan ng paunang pahintulot para sa mga pang-emergency na serbisyo. Saklaw ng programang Medi-Cal ang mga kondisyong pang-emergency, kung ang kondisyon ay dahil sa isang pisikal na kalusugan o kondisyon ng kalusugan ng isip (mga pag-iisip, damdamin, pag-uugali na pinagmumulan ng pagkabalisa at/o disfunction na may kaugnayan sa sarili o sa iba). Kung naka-enroll ka sa Medi-Cal, hindi ka makakatanggap ng bill na babayaran para sa pagpunta sa emergency room, kahit na matukoy na hindi ito pang-emergency. Kung sa tingin mo ay mayroon kang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa anumang ospital o iba pang lugar para sa tulong.

### **Sino ang Nagdedesisyon Kung Aling Mga Serbisyo ang Matatanggap Ko?**

Ikaw, ang iyong provider, at ang county ang kasama sa magpapasya sa mga serbisyong kailangan mong matanggap. May propesyonal sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali na kakausap sa iyo at tutulong na tukuyin ang uri ng mga kailangang serbisyo.

Hindi mo kailangang malaman kung na-diagnose ka para sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali o kung mayroon kang partikular na kondisyon sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali para humingi ng tulong. Matatanggap mo ang ilang serbisyo habang nagsasagawa ng pagtatasa ang iyong provider.

Kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang, puwede ka ring maka-access ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali kung mayroon kang kondisyon sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali dahil sa isang trauma, kaugnayan sa sistema para sa kapakanan ng bata, kaugnayan sa katarungan sa mga juvenile, o walang matirahan. Bukod pa rito, kung wala ka pang 21 taong gulang, dapat magbigay ang county ng mga medikal na kinakailangang serbisyo para makatulong sa iyong kondisyon sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali. Itinuturing na medikal na kinakailangan ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o ginagawang mas nakakaya ang isang kondisyon.

Posibleng kailanganin ng ilang serbisyo ng paunang pahintulot mula sa county. Kasama sa mga serbisyong nangangailangan ng paunang pahintulot ang Mga Intensive na Serbisyo sa Tahanan, Intensive na Paggamot sa Umaga, Rehabilitasyon sa Umaga, Therapeutic na Serbisyo na Nauugnay sa Pag-uugali, Therapeutic na Foster Care, at Mga Serbisyo sa Tahanan para sa Disorder sa Paggamit ng Substance. Tumawag sa iyong county gamit ang numero ng telepono na nasa pabalat ng handbook na ito upang humiling ng karagdagang impormasyon.

Dapat sumunod ang proseso ng pahintulot ng county sa mga partikular na timeline.

- Para sa isang karaniwang pahintulot para sa disorder sa paggamit ng substance, dapat pagpasyahan ng county ang kahilingan ng iyong provider sa loob ng 5 araw ng negosyo.
  - Kung hihilingin mo o ng iyong provider, o kung sa palagay ng county ay makakabuti para sa iyo na kumuha ng higit pang impormasyon mula sa iyong provider, puwedeng palawigin ang timeline nang 14 pang araw ng kalendaryo. Ang isang halimbawa ng kung kailan makakabuti sa iyo ang isang extension ay kapag sa palagay ng county ay maaaprubahan nito ang kahilingan para sa pahintulot ng iyong provider kung may karagdagang impormasyon ang county mula sa iyong provider at kailangan nitong tanggihan ang kahilingan nang wala ang nasabing impormasyon. Kung papalawigin ng county ang timeline, papadalhan ka ng county ng nakasulat na abiso tungkol sa extension.
- Para sa karaniwang pahintulot sa kalusugan ng kaisipan, kailangang magpasya ng county batay sa kahilingan ng iyong provider sa lalong madaling panahon na kailangan ng iyong kondisyon, ngunit hindi lalampas sa limang (5) araw ng negosyo mula nang matanggap ng county ang kahilingan.
  - Halimbawa, kung puwedeng mailagay sa panganib ang iyong buhay, kalusugan, o ang kakayahan mong abutin, panatilihin, at ipanumbalik ang maximum na function ng iyong pangangatawan kapag sinunod ang karaniwang timeframe, dapat pabilisin ng county mo ang pasya sa



pahintulot at dapat itong magbigay ng abiso batay sa isang timeframe na nauugnay sa iyong kondisyon sa kalusugan sa loob ng hindi hihigit sa 72 oras pagkatapos matanggap ang kahilingan para sa serbisyo. Puwedeng palawigin ng iyong county ang panahon nang hanggang 14 pang araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ng county ang kahilingan kung hihingi ka o ang iyong provider ng extension o kung ipapaliwanag ng county kung bakit makakabuti para sa iyo ang extension.

Sa parehong sitwasyon, kung papalawigin ng county ang timeline para sa kahilingan sa pahintulot ng provider, papadalhan ka ng county ng nakasulat na abiso tungkol sa extension. Kung hindi makakapagpasya ang county sa mga nakalistang timeline o kung tatanggihan, iaantala, babawasan, o wawakasan nito ang mga hinihiling na serbisyo, dapat kang padalhan ng county ng Abiso sa Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo na nagsasabi sa iyo na tatanggihan, iaantala, babawasan, o wawakasan ang mga serbisyo, na puwede kang maghain ng apela, at na magbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa paghahain ng apela.

Puwede kang humingi sa county ng higit pang impormasyon tungkol sa proseso nito ng pahintulot.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa pasya ng county sa proseso ng pahintulot, puwede kang maghain ng apela. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang seksyong "Paglutas ng Problema" ng handbook na ito.

### **Ano ang Medikal na Kinakailangan?**

Ang mga serbisyong tinatanggap mo ay dapat medikal na kinakailangan at klinikal na naaangkop para matugunan ang iyong kondisyon. Para sa mga miyembrong may edad na 21 taon pataas, medikal na kinakailangan ang isang serbisyo kapag makatuwiran at kinakailangan ito para maprotektahan ang iyong buhay, maiwasan ang malalang sakit o kapansanan, o maibsan ang matinding pananakit.



Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, itinuturing na medikal na kinakailangan ang isang serbisyo kung iwinawasto, pinapanatili, sinusuportahan, pinapabuti, o pinapagaan nito ang isang kondisyon sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali. Ang mga serbisyong sumusuporta, nagpapabuti, o nagpapagaan ng kundisyon sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali ay itinuturing na medikal na kinakailangan at sinasaklaw sa Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose, at Paggamot.

### **Paano Ko Makukuha ang Iba Pang Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip na Hindi Sinasaklaw ng County?**

Kung naka-enroll ka sa isang pinapamahalaang planong pangkalusugan, may access ka sa mga sumusunod na serbisyo sa kalusugan ng isip para sa outpatient sa pamamagitan ng iyong pinapamahalaang planong pangkalusugan:

- Pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng isip, kabilang ang therapy ng indibidwal, grupo at pamilya.
- Pagsusuri sa sikolohikal at neuropsychological, kapag ipinahiwatig sa klinika upang suriin ang isang kondisyon sa kalusugan ng isip.
- Mga serbisyo ng outpatient para sa layunin ng pagsubaybay sa mga inireresetang gamot.
- Psychiatric na pagpapakonsulta.

Para makuha ang isa sa mga serbisyo sa itaas, direktang tumawag sa iyong plano ng pinapamahalaang pangangalaga. Kung wala ka sa isang plano ng pinapamahalaang pangangalaga, puwedeng makuha mo ang mga serbisyong ito mula sa mga indibidwal na provider at klinika na tumatanggap ng Medi-Cal. Puwedeng matulungan ka ng county na makahanap ng provider o klinika.

Ang anumang parmasyang tumatanggap ng Medi-Cal ay puwedeng mag-supply ng mga reseta upang gamutin ang isang kondisyon ng kalusugan ng isip. Mangyaring tandaan na ang karamihan sa mga inireresetang gamot na ibinibigay ng isang parmasya, na tinatawag na Medi-Cal Rx, ay sakop sa ilalim ng Fee-For-Service Medi-Cal program, hindi ang iyong pinapamahalaang plano sa pangangalaga.



**Anong Iba Pang Serbisyo para sa Disorder sa Paggamit ng Substance ang Available mula sa Mga Plano ng Pinapamahalaang Pangangalaga o mula sa Programang “Fee for Service” ng Medi-Cal?**

Dapat ibigay ng mga plano ng pinapamahalaang pangangalaga ang mga sinasaklaw na serbisyo para sa disorder sa paggamit ng substance sa mga lugar para pangunahing pangangalaga, at dapat silang magbigay ng screening para sa tabako, alak, at ilegal na droga. Dapat din nilang saklawin ang mga serbisyo para sa disorder sa paggamit ng substance para sa mga buntis na miyembro at ang screening para sa pag-inom ng alak at paggamit ng droga, pagtatasa, panandaliang pamamagitan, at referral sa naaangkop na lugar para sa paggamot para sa mga miyembrong may edad na 11 taon pataas. Dapat magbigay o magsaayos ang mga plano ng pinapamahalaang pangangalaga ng mga serbisyo para sa Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon (na tinatawag ding Paggamot sa Tulong ng Gamot) na ibinibigay sa pangunahing pangangalaga, inpatient na ospital, departamento para sa emergency, at iba pang nakakonstratang medikal na lugar. Dapat ding ibigay ng mga plano ng pinapamahalaang pangangalaga ang mga serbisyong pang-emergency na kinakailangan para maging stable ang miyembro, kasama ang boluntaryong inpatient na detoxification.

**Paano Ko Makukuha ang Iba Pang Medikal na Serbisyo ng Medi-Cal (Pangunahing Pangangalaga/Medi-Cal)?**

Kung ikaw ay nasa isang plano ng pinapamahalaang pangangalaga, responsibilidad ng county na hanapan ka ng provider. Kung hindi ka naka-enroll sa isang plano ng pinapamahalaang pangangalaga at may "regular" na Medi-Cal, na tinatawag ding Fee-For-Service Medi-Cal, puwede kang pumunta sa alinmang provider na tumatanggap ng Medi-Cal. Dapat mong sabihin sa iyong provider na mayroon kang Medi-Cal bago mo simulan ang pagkuha ng mga serbisyo. Kung hindi man, puwede kang singilin para sa mga serbisyong iyon. Puwede kang gumamit ng provider na nasa labas ng iyong plano sa pinapamahalaang pangangalaga para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya.



## **Bakit Puwede Kong Kailanganin ng Mga Psychiatric na Inpatient na Serbisyo sa Ospital?**

Puwede kang ma-admit sa ospital kung mayroon kang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o mga senyales ng kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na hindi ligtas na magagamot sa mas mababang antas ng pangangalaga at, dahil sa kondisyon o mga sintomas ng kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip:

- Nagpapakita ng panganib sa sarili, sa iba, o sa ari-arian.
- Wala kang kakayahang alagaan ang iyong sarili at magkaroon ng makakain, damit, o matitirahan, personal na kaligtasan, o kinakailangang medikal na pangangalaga.
- Nagdudulot ng malubhang panganib sa iyong pisikal na kalusugan.
- Lubos na naapektuhan ang kakayahan mong mag-function kamakailan dahil sa isang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip.
- Kailangan mo ng psychiatric na pagsusuri, paggamot gamit ang gamot, o iba pang paggamot na sa ospital lang maibibigay.



## PAGPILI NG PROVIDER

### **Paano Ako Makakahanap ng Provider para sa Mga Serbisyo sa Kalusugan na Nauugnay sa Pag-uugali na Kailangan Ko?**

Kinakailangan mag-post ang iyong county ng kasalukuyang direktoroy ng provider online. Makikita mo ang link ng provider direktoryo sa seksyong [County Contact](#) ng handbook na ito. Naglalaman ang direktoryo ng impormasyon tungkol sa lokasyon ng mga provider, serbisyong ibinibigay nila, at iba pang impormasyong makakatulong sa iyo na makatanggap ng pangangalaga, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa kultura at wika na available mula sa mga provider.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga kasalukuyang provider o kung gusto mo ng updated na direktoryo ng provider, bisitahin ang website ng iyong county o gamitin ang numero ng telepono na matatagpuan sa pabalat ng handbook na ito. Makakakuha ka ng listahan ng mga provider sa pamamagitan ng pagsulat o koreo kung hihingi ka nito.

**Tandaan:** Puwedeng limitahan ng county ang pagpili mo ng mga provider. Sa unang beses na makatanggap ka ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali, puwede mong hilingin na bigyan ka ng iyong county ng hindi bababa sa dalawang provider sa umpisa. Dapat ka ring payagan ng iyong county na magpalit ng provider. Kung hihilingin mong magpalit ng provider, dapat ay payagan ka ng county na pumili sa hindi bababa sa dalawang provider kung posible. Responsibilidad ng iyong county na tiyaking mayroon kang napapanahong access sa pangangalaga at sapat ang bilang ng mga provider malapit sa iyo para masigurong makakakuha ka ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali kapag kinailangan mo.

Kung minsan, pinipili ng mga provider na nakakonstrata sa county na hindi na magbigay ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali dahil posibleng hindi na sila makipagkontrata sa county, o hindi na sila tumatanggap ng Medi-Cal. Kapag nangyari ito, dapat ay pagsikapan ng county na magbigay ng nakasulat na abiso sa bawat taong



nakakatanggap ng mga serbisyo mula sa provider. Dapat ay makatanggap ka ng abiso 30 araw ng kalendaryo bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagwawakas o 15 araw ng kalendaryo pagkatapos malaman ng county na hihinto na sa trabaho ang provider. Kapag nangyari ito, dapat ay payagan ka ng iyong county na patuloy na makatanggap ng mga serbisyo mula sa provider na umalis ng bansa, kung sasang-ayon kayo ng provider. Ito ay tinatawag na "pagpapatuloy ng pangangalaga" at ipinaliwanag sa ibaba.

**Tandaan:** Ang mga American Indian at Alaska Native na indibidwal na karapat-dapat para sa Medi-Cal at nakatira sa mga county na nag-opt in sa Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal, ay puwede ring makatanggap ng mga serbisyo sa Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal sa pamamagitan ng Mga Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Mga Indian.

### **Puwede Ko Bang Patuloy na Tanggapin ang Mga Specialty na Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip mula sa Aking Kasalukuyang Provider?**

Kung nakakatanggap ka na ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip mula sa isang plano ng pinapamahalaang pangangalaga, puwede kang patuloy na tumanggap ng pangangalaga mula sa provider na iyon kahit nakakatanggap ka ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip mula sa iyong provider ng kalusugan ng pag-iisip, basta't isinasaayos ang mga serbisyo sa pagitan ng mga provider at hindi pare-pareho ang mga ito.

Bukod pa rito, kung nakakatanggap ka na ng mga serbisyo mula sa ibang plano sa kalusugan ng pag-iisip, plano ng pinapamahalaang pangangalaga, o indibidwal na provider ng Medi-Cal, puwede kang humiling ng "pagpapatuloy ng pangangalaga" para magawa mong manatili sa iyong kasalukuyang provider nang hanggang 12 buwan. Puwede kang humiling ng pagpapatuloy ng pangangalaga kung kailangan mong manatili sa iyong kasalukuyang provider para maipagpatuloy ang iyong kasalukuyang paggagamot o dahil makakapinsala sa kondisyon ng kalusugan ng isip mo kapag nagpalit ng bagong provider. Ang iyong kahilingan sa pagpapatuloy ng pangangalaga ay puwedeng ibigay kung ang mga sumusunod ay totoo:



- Mayroon kang patuloy na kaugnayan sa provider na iyong hinihiling at nakita mo ang provider na iyon sa nakalipas na 12 buwan;
- Kailangan mong manatili sa kasalukuyan mong provider para maipagpatuloy ang paggamot nang sa gayon ay maiwasan ang paglala ng kalusugan ng miyembro o mabawasan ang posibilidad na maospital o maipasok sa isang institusyon.
- Ang provider ay kwalipikado at nakakatugon sa mga kinakailangan ng Medi-Cal;
- Sumasang-ayon ang provider sa mga kinakailangan ng plano sa kalusugan ng pag-iisip para sa pagkontrata sa plano sa kalusugan ng pag-iisip pagbabayad sa mga serbisyo; at
- Magbabahagi ang provider ng nauugnay na dokumentasyon sa county kaugnay ng pangangailangan mo ng mga serbisyo.

**Puwede Ba Akong Patuloy na Tumanggap ng Mga Serbisyo para sa Disorder sa Paggamit ng Substance mula sa Aking Kasalukuyang Provider?**

Puwede mong hilinging panatilihin ang iyong provider na wala sa network sa loob ng partikular na tagal ng panahon kung:

- Mayroon kang kasalukuyang ugnayan sa provider na hinihiling mo at nagpatingin ka sa provider na iyon bago ang petsa ng pag-transition mo sa county na may Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal.
- Kailangan mong manatili sa kasalukuyan mong provider para maipagpatuloy ang paggamot nang sa gayon ay maiwasan ang paglala ng kalusugan ng miyembro o mabawasan ang posibilidad na maospital o maipasok sa isang institusyon.



**ANG IYONG KARAPATANG I-ACCESS ANG MGA TALAAN SA KALUSUGAN NA  
NAUUGNAY SA PAG-UUGALI AT ANG IMPORMASYON NG DIREKTORYO NG  
PROVIDER GAMIT ANG MGA SMART DEVICE**

Puwede mong i-access ang iyong mga talaan sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali at/o puwede kang maghanap ng provider gamit ang isang application na na-download sa computer, smart tablet, o mobile device. Maaaring may impormasyong available ang iyong county sa kanilang website na maaari mong isaalang-alang bago pumili ng application upang makuha ang iyong impormasyon sa paraang ito. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagiging available ng iyong access, makipag-ugnayan sa iyong county sa pamamagitan ng pagtukoy sa sekyong "[Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan sa County](#)" ng handbook na ito.



## **SAKLAW NG MGA SERBISYO**

Kung nakakatugon ka sa mga pamantayan ng pag-access ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali, available sa iyo ang mga sumusunod na serbisyo batay sa pangangailangan mo. Makikipagtulungan sa iyo ang provider mo sa pagdedesisyon kung aling mga serbisyo ang pinakamakabubuti sa iyo.

### **Mga Natatanging Serbisyo sa Kalusugan ng Isip**

#### ***Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip***

- Ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ay mga pang-indibidwal, panggrupo, o pampamilyang serbisyo sa paggamot na tumutulong sa mga taong may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na makaangkop sa pang-araw-araw na pamumuhay. Kabilang rin sa mga serbisyong ito ang ginagawa ng provider para mapahusay ang mga serbisyong ibinibigay sa taong tumatanggap ng pangangalaga. Kabilang rito ang mga pagtatasa para malaman kung kailangan mo ang serbisyo at kung epektibo ang serbisyo, pagpapalano ng paggamot para mapagpasyahan ang mga layunin ng iyong paggamot sa kalusugan ng pag-iisip at ang mga ibibigay na partikular na serbisyo; at “collateral,” ibig sabihin, pakikipagtulungan sa mga kapamilya at mahahalagang tao sa iyong buhay (kung papahintulutan mo) para matulungan kang hasain o panatilihin ang iyong mga kayayahan sa pang-araw-araw na pamumuhay.
- Puwedeng ibigay ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa isang klinika o tanggapan ng provider, sa iyong tahanan o iba pang lugar sa komunidad, sa pamamagitan ng telepono, o telehealth (kasama ang mga audio lang at video na ugnayan). Makikipagtulungan sa iyo ang county at provider para matukoy ang dalas ng iyong mga serbisyo/appointment.

#### ***Mga Serbisyo para sa Suporta sa Gamot***

- Kasama sa mga serbisyong ito ang pagrereseta, pagbibigay, pag-dispense, at pagsubaybay ng mga psychiatric na gamot. Puwede ring magbigay ang iyong



provider ng kaalaman tungkol sa gamot. Puwedeng ibigay ang mga serbisyong ito sa isang klinika, sa tanggapan ng doktor, sa iyong tahanan, sa isang lugar sa komunidad, sa pamamagitan ng telepono, o telehealth (kasama ang mga audio lang at video na ugnayan).

### ***Targeted na Pamamahala ng Kaso***

- Tumutulong ang serbisyong ito sa mga miyembro na makakuha ng mga serbisyong medikal, pangkaalaman, panlipunan, prevocational, vocational, pangrehabilitasyon, o iba pang serbisyo sa komunidad kapag mahirap para sa mga taong may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na makuha ang mga serbisyong ito nang mag-isa. Ang targeted na pamamahala ng kaso ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa:
  - Paggawa ng plano;
  - Komunikasyon, koordinasyon, at referral;
  - Pagsubaybay sa paghahatid ng serbisyo para matiyak na naa access ng indibidwal ang serbisyo at ang sistema ng paghahatid ng serbisyo; at
  - Pagsubaybay sa pag-usad ng tao.

### ***Mga Serbisyo sa Interbensyon ng Krisis***

- Available ang serbisyong ito upang matugunan ang agarang kondisyong nangangailangan ng agarang pansin. Ang layunin ng interbensyon ng krisis ay tulungan ang mga tao sa komunidad upang hindi na kailanganing pumunta sa ospital. Maaaring tumagal ang interbensyon ng krisis hanggang walong oras at maaaring ibigay sa klinika, sa opisina ng provider, sa iyong tahanan, o sa iba lugar sa komunidad. Puwede ring gawin ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng telepono o telehealth.

### ***Mga Serbisyo sa Pag-stabilize ng Krisis***

- Available ang serbisyong ito upang matugunan ang agarang kondisyong nangangailangan ng agarang pansin. Ang pag-stabilize ng krisis ay tumatagal nang hindi hihigit sa 24 na oras at dapat maibigay sa isang lisensyadong 24 na



oras na pasilidad para sa pangangalagang pangkalusugan, outpatient na programa sa ospital, o site ng provider na sertipikadong ibigay ang mga serbisyong ito.

### ***Mga Residensyal na Serbisyo sa Paggamot ng Nasa Hustong Gulang***

- Nagbibigay ang mga serbisyong ito ng paggamot sa kalusugan ng pag-iisip sa mga taong may kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip na nakatira sa mga lisensyadong residensyal na pasilidad. Ang mga ito ay tumutulong sa paghahasa ng mga kasanayan para sa mga tao at nagbibigay ng mga residensyal na serbisyo sa paggamot para sa mga taong may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip. Available ang mga serbisyong ito 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang gastusin sa kuwarto at board para sa pananatili sa mga pasilidad na ito.

### ***Mga Residensyal na Serbisyo sa Paggamot sa Panahon ng Krisis***

- Nagbibigay ang mga serbisyong ito ng paggamot sa kalusugan ng pag-iisip at pagpapahusay ng mga kasanayan para sa mga taong may malalang problema sa pag-iisip o emosyon. Hindi ito para sa mga taong nangangailangan ng psychiatric na pangangalaga sa ospital. Available ang mga serbisyo sa mga lisensyadong pasilidad sa loob ng 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang gastusin sa kuwarto at board para sa mga pasilidad na ito.

### ***Mga Intensive na Serbisyo sa Paggamot sa Umaga***

- Isa itong nakaistrukturang programa ng paggagamot ng kalusugan ng isip na ibinibigay sa isang pangkat ng mga taong puwedeng kailangang manatili sa ospital o ibang 24 na oras na pasilidad ng pangangalaga. Tumatagal ang programa nang tatlong oras sa isang araw. May kasama itong therapy, psychotherapy, at mga aktibidad sa pagpapahusay ng kasanayan.



### ***Rehabilitasyon sa Umaga***

- Layunin ng programang ito na tulungan ang mga taong may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na matuto at magkaroon ng mga kasanayan sa pag-angkop at pamumuhay para mas makontrol ang kanilang mga sintomas. Tumatagal ang programang ito nang hindi bababa sa tatlong oras bawat araw. Mayroon itong therapy at mga aktibidad sa pagpapahusay ng kasanayan.

### ***Mga Psychiatric na Inpatient na Serbisyo sa Ospital***

- Ang mga ito ay mga serbisyong ibinibigay sa isang lisensyadong psychiatric na ospital. May lisensyadong propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip na magpapasya kung kailangan ng isang tao ng intensive na buong araw na paggamot para sa kanyang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip. Kung magpapasya ang propesyonal na kailangan ng miyembro ng buong araw na paggamot, dapat manatili ang miyembro sa ospital nang 24 na oras sa isang araw.

### ***Mga Psychiatric na Serbisyo sa Pasilidad ng Kalusugan***

- Iniaalok ang mga serbisyong ito sa isang lisensyadong psychiatric na pasilidad ng kalusugan na may specialization sa 24 na oras na pangrehabilitasyong paggamot ng mga malalang kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip. Ang mga pasilidad ng psychiatric health ay dapat may kasunduan sa isang malapit na ospital o klinika upang matugunan ang pangangailangang pangkalusugan ng katawan ng mga tao sa pasilidad. Ang mga pasilidad ng psychiatric na kalusugan ay maaari lamang tanggapin at gamutin ang mga pasyente na walang pisikal na karamdaman o pinsala na mangangailangan ng paggamot na higit sa karaniwang maaaring gamutin sa isang outpatient na batayan.

### ***Mga Therapeutic na Serbisyo na Nauugnay sa Pag-uugali***

Ang Mga Therapeutic na Serbisyo na Nauugnay sa Pag-uugali ay mga intensive na panandaliang outpatient na pamamagitan sa paggamot para sa mga miyembrong may edad na hanggang 21 taon. Partikular na idinisenyo ang mga serbisyong ito para sa bawat miyembro. Ang mga miyembrong nakakatanggap ng mga serbisyong ito ay



nakakaranas ng matinding disturbance sa emosyon, nakaka-stress na pagbabago o problema sa buhay, at nangangailangan ng karagdagang panandalian, partikular na pansuportang serbisyo.

Ang mga serbisyong ito ay isang uri ng specialty na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na available sa pamamagitan ng county kung mayroon kang matitinding problema sa emosyon. Upang makakuha ng Mga Therapeutic na Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali, dapat kang makatanggap ng serbisyo sa kalusugan ng isip, wala pang 21 taong gulang, at may ganap na saklaw na Medi-Cal.

- Kung sa bahay ka nakatira, may staff ng Mga Therapeutic na Serbisyo na Nauugnay sa Pag-uugali na makakatulong sa iyo nang one-to-one para mabawasan ang matitinding problema sa pag-uugali para hindi mo na kailanganing mapunta sa mas mataas na antas ng pangangalaga, gaya ng group home para sa mga bata at teenager na wala pang 21 taong gulang na may matitinding problema sa emosyon.
- Kung nakatira ka sa isang placement na hindi bahay, may staff ng Therapeutic na Serbisyo na Nauugnay sa Pag-uugali na makakatulong sa iyo para magawa mong bumalik sa bahay o sa isang lugar kung saan mayroon kang pamilya, gaya ng foster home.

Ang Mga Therapeutic na Serbisyo na Nauugnay sa Pag-uugali ay makakatulong sa iyo at sa iyong pamilya, tagapag-alaga, o tagapangalaga na matuto ng mga paraan para matugunan ang problemang pag-uugali at madagdagan ang mga uri ng pag-uugaling magbibigay-daan sa iyo na magtagumpay. Ikaw, ang staff ng Mga Therapeutic na Serbisyo na Nauugnay sa Pag-uugali, at ang iyong pamilya, tagapag-alaga, o guardian ay magtutulungan bilang isang team upang tugunan ang mga problema sa pag-uugali sa loob ng maikling panahon hanggang sa hindi mo na kailangan ang mga serbisyo. Magkakaroon ka ng plano ng Mga Therapeutic na Serbisyo na Nauugnay sa Pag-uugali na magsasabi kung ano ang gagawin mo, ng iyong pamilya, tagapag-alaga, o guardian, at ng kawani ng Mga Therapeutic na Serbisyo na Nauugnay sa Pag-uugali habang tinatanggap ang mga serbisyong ito. Kasama rin sa plano ng Mga Therapeutic na



Serbisyo na Nauugnay sa Pag-uugali kung kailan at saan magaganap ang mga serbisyo. Ang staff ng Mga Therapeutic na Serbisyo na Nauugnay sa Pag- uugali ay puwedeng makipagtulungan sa iyo sa karamihan ng mga lugar kung saan malamang ay kailanganin mo ng tulong. Kabilang rito ang iyong tahanan, foster home, paaralan, programa ng paggamot sa umaga, at iba pang lugar sa komunidad.

### ***Koordinasyon ng Intensive na Pangangalaga***

Isa itong serbisyo sa targeted na pamamahala ng kaso na nagbibigay-daan sa pagtatasa, pagpapalano ng pangangalaga ng, at koodinasyon ng mga serbisyo sa mga benepisyaryong wala pang 21 taong gulang. Ang serbisyong ito ay para sa mga kwalipikado sa kumpletong saklaw ng mga serbisyo ng Medi-Cal at ni-refer sa serbisyo batay sa medikal na pangangailangan. Ibinibigay ang serbisyong ito sa pamamagitan ng mga prinsipyo ng Integrated Core Practice Model. Kabilang rito ang paggawa ng Team ng Bata at Pamilya para matiyak na may maayos na ugnayan sa pagitan ng isang bata, kanyang pamilya, at mga nauugnay na sistemang naglilingkod sa bata.

Ang Team ng Bata at Pamilya ay may kasamang propesyonal na suporta (halimbawa: coordinator ng pangangalaga, mga provider, at tagapamahala ng kaso mula sa mga ahensyang naglilingkod sa bata), natural na suporta (halimbawa: mga miyembro ng pamilya, kapitbahay, kaibigan, at kaparian), at iba pang taong nagtutulungan para magawa at maisakatuparan ang plano ng kliyente. Sinusuportahan ng team na ito ang mga bata at pamilya at tinitiyak nitong maaabot nila ang kanilang mga layunin.

Ang serbisyong ito ay mayroon ding coordinator na:

- Tumitiyak na ang mga medikal na kinakailangang serbisyo ay naa-access, naisasaayos, at naihahatid sa paraang batay sa kalakasan, naka-individualize, nakatuon sa kliyente, at naaangkop sa kultura at wika.
- Tumitiyak na batay ang mga serbisyo at suporta sa mga pangangailangan ng bata.
- Gumagawa ng paraan para magawa ng lahat na magtutulong para sa bata, pamilya, mga provider, atbp.
- Sumusuporta sa magulang/tagapag-alaga sa pagtugon sa mga pangangailangan



ng bata

- Tumutulong sa pagtatag ng Team ng Bata at Pamilya at nagbibigay ng patuloy na suporta.
- Tumitiyak na naaalagaan ng iba pang sistema na naglilingkod sa bata ang nasabing bata kapag kinakailangan.

### ***Mga Intensive na Serbisyo sa Bahay***

- Partikular na idinisenyo ang mga serbisyong ito para sa bawat miyembro. May mga kasama itong pamamagitan batay sa kalakasan para mapabuti ang mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na puwedeng makaapekto sa pag-function ng bata/kabataan. Layunin ng mga serbisyong ito na tulungan ang bata/kabataan na magkaroon ng mga kinakailangang kasanayan para maging mas maayos ang pag-function sa bahay at sa komunidad at mapahusay ang kakayahan ng pamilya.
- Mga Intensive na Serbisyo sa Bahay ay ibinibigay sa ilalim ng Integrated Core Practice Model ng Team ng Bata at Pamilya. Ginagamit nito ang pangkalahatang serbisyo sa plano ng pamilya. Ibinibigay ang mga serbisyong ito sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang na karapat-dapat para sa kumpletong saklaw ng mga serbisyo ng Medi-Cal. Kailangan ng referral na batay sa medikal na pangangailangan para matanggap ang mga serbisyong ito.

### ***Therapeutic na Foster Care***

- Ang modelo ng serbisyo sa Therapeutic na Foster Care ay nagbibigay ng mga specialty na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na panandalian, intensive, at may pagkilala sa trauma para sa mga batang may edad na hanggang 21 taong gulang na may mga kumplikadong pangangailangan sa emosyon at pag-uugali. Partikular na idinisenyo ang mga serbisyong ito para sa bawat miyembro. Sa Therapeutic na Foster Care, ang mga bata ay inilalagay sa mga sinanay, sinubaybayan, at sinuportahang magulang ng Therapeutic Foster Care.



### **Parent-Child Interaction Therapy (PCIT)**

- Ang PCIT ay isang programa na tumutulong sa mga batang edad 2–7 na may mahihirap na pag-uugali at tumutulong sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga na matuto ng mga bagong paraan upang harapin ang mga ito. Maaaring kabilang sa mga pag-uugaling ito ang madaling magalit o hindi pagsunod sa mga alituntunin.
- Sa pamamagitan ng PCIT, ang magulang o tagapag-alaga ay nagsusuot ng headset habang nakikipaglaro sa kanilang mga anak sa espesyal na silid-laruan. Ang therapist ay nanonood mula sa ibang silid o sa pamamagitan ng video at nagbibigay ng gabay sa magulang o tagapag-alaga sa pamamagitan ng headset. Tinutulungan ng therapist ang magulang o tagapag-alaga na matutong hikayatin ang maayos na pag-uugali at pagbutihin ang kanilang ugnayan sa kanilang anak.

### **Functional Family Therapy (FFT)**

- Ang FFT ay isang panandalian at nakatuong programa sa counseling para sa mga pamilya at kabataan na may edad 11-18 na may mahihirap na pag-uugali o nahihirapang harapin ang kanilang mga emosyon. Maaaring kabilang dito ang paglabag sa alituntunin, pakikipag-away, o paggamit ng droga.
- Ang FFT ay nakikipagtulungan sa pamilya ng isang kabataan at minsan sa iba pang miyembro ng sistema ng suporta ng kabataan tulad ng mga guro o doktor upang makatulong na bawasan ang hindi maayos na pag-uugali ng kabataan.

### **Multisystemic Therapy (MST)**

- Ang MST ay isang programang nakabatay sa pamilya para sa mga kabataang may edad 12–17 na nagpapakita ng seryosong suliranin sa pag-uugali. Madalas gamitin ang para sa mga kabataan na nagkakaroon ng problema sa batas, maaaring nasa panganib na masangkot sa batas, o nasa panganib na mapaalis sa kanilang tahanan dail sa kanilang pag-uugali.



- Kasama sa MST ang suporta ng pamilya at komunidad sa therapy upang matulungan ang mga kabataan na baguhin ang kanilang pag-uugali tulad ng paglabag sa batas o paggamit droga. Tinutulungan din ng MST ang mga magulang na matuto ng mga kasanayan upang matulungang harapin ang mga pag-uugaling ito sa tahanan, kasama ang kanilang mga kaibigan, o sa iba pang mga lugar sa komunidad.
- Sa pamamagitan ng MST, matuto ang mga pamilya at tagapag-alaga kung paano harapin ang mga hamon sa kanilang mga anak o teenager. Matututo rin silang mas mahusay na harapin ang mga isyu sa tahanan, sa mga kaibigan, o sa kanilang kapitbahay. Iginagalang ng programa ang iba't ibang kultura at nakatuon sa pagtulong sa mga pamilya sa loob ng kanilang mga sariling tahanan at mga komunidad. Nakikipagtulungan din ito sa mga paaralan, pulisya, at korte.
- Maaaring magbago kung gaano kadalas nakikipagkita ang mga pamilya sa programa. Ang ilang pamilya ay maaaring kailanganin lang maikling pag-uusap, habang ang iba naman ay maaaring magkita nang dalawang oras araw-araw o linggu-linggo. Ang tulong na ito ay karaniwang tumatagal ng 3 hanggang 5 buwan.

### ***Reentry na Nauugnay sa Katarungan***

- Pagbibigay ng mga serbisyo sa kalusugan sa mga miyembrong nauugnay sa katarungan nang hanggang 90 araw bago ang kanilang paglaya mula sa pagkakabilanggo. Kasama sa mga uri ng mga serbisyong available ang pamamahala ng kaso ng reentry, mga serbisyo sa klinikal na pagkonsulta para sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali, suporta ng peer, pagpapayo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali, therapy, edukasyon sa pasyente, mga serbisyo sa gamot, pagpapalano pagkatapos ng pag-release at pag-discharge, mga serbisyo sa laboratoryo at radiology, impormasyon ng gamot, mga pansuportang serbisyo, at tulong sa pagpapatala sa naaangkop na provider, halimbawa, sa isang Programa ng Paggamot sa Narcotics para makapagpatuloy sa Paggamot sa Tulong ng Gamot kasunod ng pag-release. Para matanggap ang mga serbisyong ito, miyembro dapat ng Medi-Cal o CHIP ang mga indibidwal, at:



- Kung wala pang 21 taong gulang at nasa kustodiya ng isang Pasilidad para sa Pagwawasto ng Kabataan.
- Kung nasa hustong gulang, nasa kustodiya dapat at nakakatugon sa isa sa mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan ng programa.
- [Makipag-ugnayan sa iyong county](#) gamit ang numero ng telepono na nasa pabalat ng handbook na ito para sa higit pang impormasyon tungkol sa serbisyong ito.

### ***Mga Serbisyo para sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal***

- Ang Mga Serbisyo para sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal ay nagsusulong ng pagpapagaling, katatagan, pakikipag-ugnayan, pakikisalamuha sa iba, pagsuporta sa sarili, pagsusulong ng sarili, pagbuo ng mga natural na suporta, at pagtukoy ng mga kalakasan sa pamamagitan ng mga nakaistrukturang aktibidad. Puwedeng ibigay ang mga serbisyong ito sa iyo o sa iyong itinalagang mahalagang (mga) taong sumusuporta at puwedeng matanggap kasabay ng iba pang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip o Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal. Ang Espesyalista para sa Suporta ng Peer sa Mga Serbisyo para sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal ay isang indibidwal na may personal na karanasan sa mga kondisyon sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali o paggamit ng substance at kasalukuyang nagpapagaling, na nakakumpleto sa mga kinakailangan sa programa ng pagsertipika na naaprubahan ng Estado ng county, sertipikado ng county, at nagbibigay sa mga serbisyong ito sa ilalim ng direksyon ng isang Propesyonal sa Kalusugan na Nauugnay sa Pag-uugali na lisensyado, na-waiver, o rehistrado sa Estado.
- Kasama sa Mga Serbisyo para sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal ang pang-indibidwal at panggrupong coaching, mga grupo sa paghahasa ng mga kasanayang pangkaalaman, pag-navigate ng mga resource, serbisyo sa pakikipag-ugnayan para mahikayat kang makibahagi sa paggamot ng kalusugan na nauugnay sa pag-uugali, at therapeutic na serbisyo gaya ng pagsusulong ng sarili.



- Puwedeng magkwalipika ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose, at Paggamot, saan mang county sila nakatira.
- Ang pagbibigay ng Mga Serbisyo para sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyong [“Karagdagang Impormasyon Tungkol Sa Iyong County”](#) na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung ang iyong county ay nagbibigay ng serbisyong ito.

### ***Mga Serbisyong Mobile para sa Krisis***

- May Mga Serbisyong Mobile para sa Krisis kung nagkakaproblema ka sa kalusugan ng pag-iisip.
- Ang Mga Serbisyong Mobile para sa Krisis ay ibinibigay ng mga provider ng kalusugan sa lokasyon kung saan ka nakakaranas ng krisis, kasama ang iyong tahanan, trabaho, paaralan, o iba pang lokasyon sa komunidad, pero hindi kasama ang ospital o iba pang pasilidad. Available ang Mga Serbisyong Mobile para sa Krisis 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo, at 365 raw kada taon.
- Kabilang sa Mga Serbisyong Mobile para sa Krisis ang mabilisang tugon, pagtatasa ng indibidwal, at stabilization sa komunidad. Kung kailangan mo ng higit pang pangangalaga, magbibigay rin ang mga provider ng mobile para sa krisis ng hand-off o referral sa iba pang serbisyo.

### **Assertive Community Treatment (ACT) (nag-iiba ayon sa county)**

- Ang ACT ay isang serbisyo na tumutulong sa mga taong may seryosong pangangailangan sa kalusugan ng pag-iisip. Ang mga taong nangangailangan ng ACT ay karaniwang napunta sa ospital, bumisita sa emergency room, pananatili sa mga sentro ng paggamot, at/o nagkaroon ng problema sa batas. Maaari rin silang walang tirahan o hindi makakuha ng tulong mula sa mga regular na klinika.
- Ang ACT ay inaangkop ang mga serbisyo sa bawat tao at sa kanilang sariling pangangailangan. Layunin nitong tulungan ang tao na gumaling at matutong mamuhay sa kanilang komunidad. Ang isang pangkat ng iba't ibang eksperto ay



nagtutulungan upang magbigay ng lahat ng uri ng suporta at paggamot. Ang pangkat na ito ay tutulong sa mga tao sa kanilang kalusugan ng pag-iisip, nagtuturo ng mahahalagang kasanayan sa buhay, nagko-coordinate ng kanilang pangangalaga, at nagbibigay ng suporta sa komunidad. Ang pangkahalatang layunin ay tulungan ang bawat tao na makarekober mula sa kanilang kondisyon sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali at mamuhay nang maayos sa kanilang komunidad.

- Ang pagbibigay ng ACT ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyong “[Karagdagang Impormasyon Tungkol Sa Iyong County](#)” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung ang iyong county ay nagbibigay ng serbisyong ito.

#### **Forensic Assertive Community Treatment (FACT) (nag-iiba ayon sa county)**

- Ang FACT ay isang serbisyong tumutulong sa mga taong may malubhang pangangailangan sa kalusugan ng pag-iisip na nagkaroon din ng mga problema sa batas. Gumagana ito katulad ng programa ng ACT, ngunit may mga karagdagang tampok upang masuportahan ang mga taong may mataas na panganib o dati nang nasangkot sa sistema ng hustisyang kriminal.
- Ang pangkat ng FACT ay binubuo ng mga eksperto na may espesyal na pagsasanay upang maunawaan ang mga pangangailangan ng mga taong nagkaroon ng mga problema sa batas. Ibinibigay nila ang parehong uri ng suporta at paggamot gaya ng ACT, tulad ng pagtulong sa kalusugan ng naaunay sa pag-uugali, pagtuturo ng mahahalagang kasanayan sa buhay, pag-coordinate ng pangangalaga, at pagbibigay ng suporta sa komunidad.
- Ang layunin ay tulungan ang bawat tao na maging maayos ang pakiramdam, umiwas sa problema, at mamuhay nang mas maayos na buhay sa kanilang komunidad.
- Ang pagbibigay ng FACT ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyong “[Karagdagang Impormasyon Tungkol Sa Iyong County](#)” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung ang iyong



### **Coordinated Specialty Care (CSC) para sa First Episode Psychosis (FEP) (nag-iiba ayon sa county)**

- Ang CSC ay serbisyong tumutulong sa mga taong nakakaranas ng psychosis sa unang pagkakataon. Maraming sintomas ang psychosis, kabilang ang pagtingin at pagdinig ng mga bagay na hindi nakikita o naririnig ng ibang tao. Nagbibigay ang CSC ng agarang at pinagsamang suporta sa mga unang yugto ng psychosis, na nakatutulong upang maiwasan ang pananatili sa ospital, mga pagbisita sa emergency room, pananatili sa mga sentro ng paggamot, problema sa batas, paggamit ng droga, at kawalan ng tirahan.
- Nakatuon ang CSC sa bawat tao at sa kanilang sariling mga pangangailangan. Ang isang pangkat ng iba't ibang eksperto ay nagtutulong upang magbigay ng lahat ng uri ng tulong. Tumutulong sila sa paggamot sa kalusugan ng pag-iisip, nagtuturo ng mahahalagang kasanayan sa buhay, kino-coordinate ang pangangalaga, at nagbibigay ng suporta sa komunidad. Ang layunin ay tulungan ang bawat tao na maging maayos ang pakiramdam, pamahalaan ang kanilang sintomas, at mamuhay nang maayos sa kanilang komunidad.
- Ang pagbibigay ng CSC para sa FEP ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyong "[Karagdagang Impormasyon Tungkol Sa Iyong County](#)" na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung ang iyong county ay nagbibigay ng serbisyong ito.

### **Mga Serbisyo sa Clubhouse (nag-iiba ayon sa county)**

- Ang mga Clubhouse ay mga espesyal na lugar na tumutulong sa mga tao na makarekober mula sa mga kondisyon ng kalusugan na nauugnay sa pag-uugali. Nakatuon ang mga ito sa lakas ng bawat tao at lumilikha ng isang suportadong komunidad.
- Sa isang Clubhouse, ang mga tao ay maaaring makahanap ng trabaho, magkaroon ng kaibigan, matuto ng mga bagong bagay, at bumuo ng mga kasanayan upang mapabuti ang kanilang kalusugan at kagalingan. Nakikipagtulungan din ang mga tao kasama ang staff ng Clubhouse upang



matugunan ang ibinahaging pangangailangan ng Clubhouse, tulad ng paghahanda ng tanghalian para sa iba pang mga miyembro ng Clubhouse. Ang layunin ay tulungan ang lahat na maging bahagi ng isang komunidad, hikayatin ang iba na maabot ang kanilang mga layunin, at mapabuti ang kanilang pangkalahatang kalidad ng buhay.

- Ang pagbibigay ng Mga Serbisyo sa Clubhouse ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyong “[Karagdagang Impormasyon Tungkol Sa Iyong County](#)” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung ang iyong county ay nagbibigay ng serbisyong ito.

### **Pinahusay na Serbisyo ng Community Health Worker (CHW) (nag-iiba ayon sa county)**

- Ang mga CHW ay mga manggagawang pangkalusugan na may espesyal na pagsasanay at mga pinagkakatiwalaang miyembro ng kanilang mga komunidad.
- Ang layunin ng Pinahusay na Serbisyo ng CHW ay makatulong na maiwasan ang mga sakit, kapansanan, at iba pang mga problema sa kalusugan bago pa ito lumala. Kabilang sa Pinahusay na Serbisyo ng CHW ang lahat ng parehong bahagi at tuntunin ng regular na mga serbisyong pang-iwas ng CHW, ngunit iniangkop ang mga ito para sa mga taong nangangailangan ng karagdagang suporta sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali. Ang layunin ay magbigay ng karagdagang suporta upang mapanatiling malusog at maayos ang mga miyembrong ito.
- Ilan sa mga serbisyong ito ay kinabibilangan ng: edukasyon at pagsasanay sa kalusugan, kabilang ang pagkontrol at pag-iwas sa malala o nakahahawang sakit; mga kondisyon sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali, perinatal, at oral; at pag-iwas sa pinsala; pagpapalaganap at pagtuturo sa kalusugan, kabilang ang pagtatakda ng layunin at paglikha ng plano ng pagkilos upang matugunan ang pag-iwas at pamamahala ng sakit.
- Ang pagbibigay ng Pinahusay na Serbisyo ng CHW ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyong “[Karagdagang Impormasyon Tungkol Sa Iyong County](#)” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang



malaman kung ang iyong county ay nagbibigay ng serbisyong ito.

### **Suportadong Pagtatrabaho (nag-iiba ayon sa county)**

- Ang Individual Placement and Support (IPS) na modelo ng Suportadong Pagtatrabaho ay isang serbisyong tumutulong sa mga taong may malubhang pangangailangan sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali na makahanap at mapanatili ang mga mapagkumpitensyang trabaho sa kanilang komunidad.
- Sa pamamagitan ng paglahok sa Suportadong Pagtatrabaho ng IPS, maaaring makamit ng mga tao ang mas magagandang resulta sa trabaho at masuportahan ang kanilang paggaling mula sa kanilang kondisyon sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali.
- Ang programang ito ay nakakatulong din upang mapabuti ang kalayaan, pakiramdam na pagiging kabilang, at pangkahalatang kalusugan at kagalingan.
- Ang pagbibigay ng Suportadong Pagtatrabaho ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyong “[Karagdagang Impormasyon Tungkol Sa Iyong County](#)” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung ang iyong county ay nagbibigay ng serbisyong ito.

### **Mga Serbisyo ng In-Reach (nag-iiba ayon sa county)**

- Ang mga Serbisyo ng Community Transition In-Reach ay tumutulong sa mga taong matagal nang nananatili sa isang psychiatric na ospital o pasilidad o may panganib na manatili roon nang matagal. Ang programa ay nakikipagtulungan sa iyo, sa iyong pamilya, sa ospital o pasilidad, at sa iba pang mga taong sumusuporta upang tulungan kang makabalik sa komunidad. Ang layunin ay tulungan kang maiwasan ang matagal na pananatili sa psychiatric na ospital o iba pang mga sentro ng pangangalaga.



## **Mga Serbisyo para sa Disorder sa Paggamit ng Substance**

### ***Ano ang Mga Serbisyo ng County sa Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal?***

Ang mga serbisyo ng county sa Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal ay para sa mga taong may kondisyon sa paggamit ng substance, ibig sabihin, umiinom sila ng alak o gumagamit sila ng iba pang gamot sa maling paraan, o mga taong puwedeng magkaroon ng kondisyon sa paggamit ng substance na posibleng hindi magamot ng isang pediatrician o pangkalahatang practitioner. Kabilang rin sa mga serbisyong ito ang ginagawa ng provider para mapahusay ang mga serbisyong ibinibigay sa taong tumatanggap ng pangangalaga. Kasama sa mga ito ang mga pagtatasa para malaman kung kailangan mo ang serbisyo at kung gumagana ang serbisyo.

Ang mga serbisyo sa Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal ay puwedeng ibigay sa isang klinika o sa tanggapan ng isang provider, o sa iyong tahanan o iba pang lugar sa komunidad, sa pamamagitan ng telepono, o telehealth (kasama ang audio lang at video na ugnayan). Makikipagtulungan sa iyo ang county at provider para matukoy ang dalas ng iyong mga serbisyo/appointment.

### ***American Society of Addiction Medicine (ASAM)***

Gagamitin ng county o provider ang tool ng American Society of Addiction Medicine upang mahanap ang naaangkop na antas ng pangangalaga. Ang mga uring ito ng mga serbisyo ay inilalarawan bilang “mga antas ng pangangalaga,” at inilalarawan sa ibaba.

### ***Screening, Pagtatasa, Maikling Pamamagitan, at Referral sa Paggamot (Antas 0.5 ng American Society of Addiction Medicine)***

Ang Screening, Pagtatasa, Maikling Pamamagitan, at Referral sa Paggamot (Screening, Assessment, Brief Interventions, and Referral to Treatment, SABIRT) para sa Alak at Droga ay hindi isang benepisyo ng Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal. Isa itong benepisyo sa Fee-for-Service ng Medi-Cal at sistema ng paghahatid



ng pinapamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal para sa mga miyembrong may edad na 11 taong gulang pataas. Dapat ibigay ng mga plano ng pinapamahalaang pangangalaga ang mga sinasaklaw na serbisyo para sa disorder sa paggamit ng substance, pati ang serbisyong ito para sa mga miyembrong may edad na 11 taon pataas.

### ***Mga Serbisyo sa Maagang Pamamagitan***

Ang mga serbisyo sa maagang pamamagitan ay isang sinasaklaw na serbisyo sa Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang. Ang sinumang miyembro na wala pang 21 taong gulang na masi-screen at matutukoy na may posibilidad na magkaroon ng disorder sa paggamit ng substance ay puwedeng makatanggap ng anumang serbisyong sinasaklaw sa ilalim ng outpatient na antas ng serbisyo bilang mga serbisyo sa maagang pamamagitan. Ang diagnosis ng karamdaman sa paggamit ng substance para sa mga serbisyo sa maagang pamamagitan para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang.

### ***Maagang Pana-panahong Screening, Pag-diagnose, at Paggamot***

Magagawa ng mga miyembrong wala pang 21 taong gulang na kunin ang mga serbisyong inilarawan sa unang bahagi ng handbook na ito pati ang mga karagdagang serbisyo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng isang benepisyong tinatawag na Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot.

Para makakuha ng mga serbisyo sa Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot, ang isang miyembro ay dapat wala pang 21 taong gulang at may Medi-Cal na may ganap na saklaw. Sinasaklaw ng benepisyong ito ang mga serbisyong medikal na kinakailangan upang itama o matulungan ang mga kondisyon sa pisikal at pangkalusugan sa pag-uugali. Itinuturing na makakatulong sa kondisyon ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapahusay, o ginagawang mas nakakaya ang isang kondisyon at sinasaklaw bilang mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot. Ang mga pamantayan sa pag-access para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay iba at mas flexible kaysa sa mga pamantayan sa pag-access ng mga nasa hustong gulang na nag-a-access sa mga



serbisyo ng Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal, para matugunan ang kinakailangan sa Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot, at ang layunin para sa pag-iwas at maagang pamamagitan sa mga kondisyon ng disorder sa paggamit ng substance.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga serbisyong ito, mangyaring tawagan ang iyong county o bisitahin ang webpage ng [Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot ng DHCS](#).

### ***Mga Outpatient na Serbisyo sa Paggamot (Antas 1 ng American Society of Addiction Medicine)***

- Nagbibigay sa mga miyembro ng mga serbisyo sa pagpapayo nang hanggang siyam na oras sa isang linggo para sa mga nasa hustong gulang at wala pang anim na oras sa isang linggo para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang kapag medikal na kinakailangan. Puwede kang makakuha ng higit pang oras batay sa iyong mga pangangailangan. Ang mga serbisyo ay puwedeng ibigay ng isang lisensyadong tao, gaya ng tagapayo, nang personal o sa pamamagitan ng telepono o telehealth.
- Kasama sa Mga Outpatient na Serbisyo ang pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo (pang-indibidwal at panggrupo), pampamilyang therapy, mga serbisyo sa gamot, Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon para sa disorder sa paggamit ng opioid, Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon para sa disorder sa pag-inom ng alak at iba pang disorder sa paggamit ng substance, edukasyon sa pasyente, serbisyo sa pagpapagaling, at serbisyo sa pamamagitan sa panahon ng krisis sa disorder sa paggamit ng substance.

### ***Mga Intensive na Outpatient na Serbisyo (Antas 2.1 ng American Society of Addiction Medicine)***

- Ibinibigay ang Mga Intensive na Outpatient na Serbisyo sa mga miyembro nang hindi bababa sa siyam na oras at hanggang 19 na oras bawat linggo para sa mga nasa hustong gulang, at hindi bababa sa anim na oras at hanggang 19 na oras



bawat linggo para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang kapag medikal na kinakailangan. Puwedeng lumampas ang mga serbisyo sa maximum batay sa indibidwal na medikal na pangangailangan. Ang mga serbisyo ay kadalasang pagpapayo at edukasyon tungkol sa mga isyung nauugnay sa adiksyon. Puwedeng ibigay ng isang lisensyadong propesyonal o sertipikadong tagapayo ang mga serbisyo sa isang nakaplanong setting. Ang mga Serbisyo sa Masinsinang Outpatient na Paggamot ay puwedeng ibigay nang personal, sa telehealth, o sa telephone.

- Kabilang sa Mga Intensive na Outpatient na Serbisyo ay pareho lang sa mga kasama sa Mga Outpatient na Serbisyo. Higit pang oras ng serbisyo ang pangunahing pagkakaiba.

***Partial na Pagkakaospital (nag-iiba ayon sa county) (Antas 2.5 ng American Society of Addiction Medicine)***

- Magagawa ng mga miyembrong wala pang 21 taong gulang na kunin ang serbisyong ito sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose, at Paggamot saan mang county sila nakatira.
- Kabilang sa mga serbisyo ng Partial na Pagkakaospital ay may 20 o higit pang oras ng mga serbisyo bawat linggo, kapag medikal na kinakailangan. Ang mga programa sa partial na pagkakaospital ay may direktang access sa mga serbisyong psychiatric, medikal, at sa laboratoryo at nakakatugon sa mga tinukoy na pangangailangan na kailangang araw-araw na subaybayan o pamahalaan pero matutugunan nang naaangkop sa isang klinika. Puwedeng ibigay ang mga serbisyo nang personal, sa telehealth, o sa telepono.
- Magkapareho lang ang Bahagyang Pagpapaospital at ang mga Serbisyo sa Masinsinang Outpatient na Paggamot, na ang pangunahing pagkakaiba lang ay ang nadagdagang bilang ng mga oras at karagdagang access sa mga medikal na serbisyo.



***Residensyal na Paggamot (kung may pahintulot mula sa county) (Antas 3.1 – 4.0  
ng American Society of Addiction Medicine)***

- Ang Residensyal na Paggamot ay isang programang nagbibigay ng mga serbisyo sa rehabilitasyon sa mga miyembrong na-diagnose na may disorder sa paggamit ng substance, kapag natukoy bilang medikal na kinakailangan. Ang miyembro ay nakatira dapat sa property at suportahan sa kanyang mga pagsisikap na magbago, magpanatili, at gumamit ng mga kasanayan sa pakikisalamuha sa iba at independent na pamumuhay sa pamamagitan ng pag-access sa mga sistema para sa suporta ng komunidad. Ibinibigay ang karamihan sa mga serbisyo nang personal; gayunpaman, puwede ding gamitin ang telehealth at telepono sa pagbibigay ng mga serbisyo habang nasa residential na paggamot ang isang tao. Nagtutulungan ang mga provider at residente na ilarawan ang mga balakid, magtakda ng mga priyoridad, gumawa ng mga layunin, at lutasin ang mga problemang nauugnay sa disorder sa paggamit ng substance. Kabilang sa mga layunin ang hindi paggamit ng mga substance, paghahanda para sa mga nagti-trigger ng relapse, pagpapabuti sa kalusugan ng sarili at mga kasanayan sa pakikisalamuha sa iba, at pakikibahagi sa pangmatagalang pangangalaga.
- Ang mga residensyal na serbisyo ay nangangailangan ng paunang pahintulot mula sa county ng Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal.
- Kabilang sa Mga Residensyal na Serbisyo ang pagtanggap at pagtatasa, pag-uugnay ng pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, pagpapayo sa grupo, therapy ng pamilya, mga serbisyo sa gamot, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa mga problema sa paggamit ng opioid, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa problema sa pag-inom ng alak at iba pang problema sa paggamit ng mga sangkap na hindi opioid, pagtuturo sa pasyente, mga serbisyo sa pagrekober, at mga serbisyo ng interbensyon sa krisis sa problema sa paggamit ng sangkap.
- Inaatasan ang mga provider ng Mga Residensyal na Serbisyo na mag-alok ng gamot para sa paggamot ng adiksyon sa mismong site o tulungan ang mga miyembrong makakuha ng gamot para sa paggamot ng adiksyon sa labas ng site. Ang mga provider ng Mga Residensyal na Serbisyo ay hindi nakakatugon sa



kinakailangang ito sa pamamagitan lang ng pagbibigay sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga provider ng Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon. Inaatasan ang mga provider ng Mga Residensyal na Serbisyo na mag-alok at magreseta ng mga gamot sa mga miyembrong sinasaklaw ng Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal.

***Mga Inpatient na Serbisyo sa Paggamot (kung may pahintulot mula sa county) (nag-iiba ayon sa county) (Antas 3.1 – 4.0 ng American Society of Addiction Medicine.)***

- Puwedeng maging karapat-dapat para sa serbisyo ang mga benepisyaryong wala pang 21 taon sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot saang bansa man sila nakatira.
- Ang mga inpatient na serbisyo ay ibinibigay sa isang 24 na oras na lugar na nagbibigay ng propesyonal na pagsusuri, obserbasyon, medikal na pagsubaybay, at paggamot sa adiksiyon sa isang inpatient na lugar. Sa personal ibinibigay ang karamihan ng mga serbisyo; gayunpaman, puwede ring gumamit ng telehealth at telepono para magbigay ng mga serbisyo habang nasa inpatient na paggamot ang isang tao.
- May istruktura ang mga inpatient na serbisyo, ay malamang ay may available na doktor sa site nang 24 na oras araw-araw, kasama ng Mga Rehistradong Nurse, tagapayo sa adiksiyon, at iba pang staff ng klinika. Kabilang sa Mga Inpatient na Serbisyo ang pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo, pampamilyang therapy, mga serbisyo sa gamot, Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon para sa disorder sa paggamit ng opioid, Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon para sa disorder sa pag-inom ng alak at iba pang disorder sa paggamit ng substance, edukasyon sa pasyente, serbisyo sa pagpapagaling, at serbisyo sa pamamagitan sa panahon ng krisis sa disorder sa paggamit ng substance.



### ***Programa ng Paggamot sa Narcotics***

- Ang mga Programa ng Paggamot sa Narcotics ay mga programa sa labas ng ospital na nagbibigay ng gamot para sa mga disorder sa paggamit ng substance kapag isinasaad ng doktor bilang medikal na kinakailangan. Kinakailangan ng mga Programa ng Paggamot sa Narcotics para makapagbigay ng mga gamot sa miyembro, kasama ang methadone, buprenorphine, naloxone, at disulfiram.
- Dapat alukin ang isang miyembro, sa minimum, ng 50 minutong session ng pagpapayo bawat buwan ng kalendaryo. Puwedeng ibigay ang mga serbisyong ito sa pagpapayo nang personal, sa telehealth, o sa telepono. Kasama sa Mga Serbisyo ng Paggamot sa Narcotics ang pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo, pampamilyang therapy, medikal na psychotherapy, mga serbisyo sa gamot, pamamahala ng pangangalaga, Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon para sa disorder sa paggamit ng opioid, Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon para sa disorder sa pag-inom ng alak at iba pang disorder sa paggamit ng substance, edukasyon sa pasyente, serbisyo sa pagpapagaling, at serbisyo sa pamamagitan sa panahon ng krisis sa disorder sa paggamit ng substance.

### ***Pamamahala ng Withdrawal***

- Ang mga serbisyo sa pamamahala ng withdrawal ay apurahan at panandaliang ibinibigay. Maibibigay ang mga serbisyong ito bago ang isang kumpletong pagsusuri. Puwedeng ibigay ang mga serbisyo sa pamamahala ng withdrawal sa isang outpatient, residensyal, o inpatient na lugar.
- Anuman ang uri ng lugar, dapat subaybayan ang miyembro sa proseso ng pamamahala ng withdrawal. Dapat manirahan sa pasilidad ang mga benepisyaryo na tumatanggap ng pamamahala ng withdrawal sa isang residensyal o inpatient na lugar. Inirereseta ng isang lisensyadong doktor o tagapagreseta ang mga paninirahan at rehabilitasyon na medikal na kinakailangan.
- Kasama sa mga Serbisyo sa Pamamahala ng Withdrawal ang pagtatasa, pag-uugnay ng pangangalaga, mga serbisyo sa gamot, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon para sa mga problema sa paggamit ng opioid, Mga Gamot para sa



Paggamot sa Adiksiyon para sa problema sa pag-inom ng alak at iba pang problema sa paggamit ng mga sangkap na hindi opioid, obserbasyon, at mga serbisyo sa pagrekober.

### ***Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon***

- Available ang mga Serbisyo sa Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon sa klinikal at hindi klinikal na mga setting. Kabilang sa Mga Gamot para sa Paggamot sa Addiction ang lahat ng mga gamot na aprubado ng Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, FDA) at biological na produkto para gamutin ang problema sa pag-inom ng alak, paggamit ng opioid, at anumang problema sa paggamit ng substance. May karapatan ang mga miyembro na maalok ng Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon sa site o sa pamamagitan ng referral sa labas ng pasilidad. Kabilang sa listahan ng mga aprubadong gamot ang:
  - Acamprosate Calcium
  - Buprenorphine Hydrochloride
  - Buprenorphine Extended-Release Injectable (Sublocade)
  - Buprenorphine/Naloxone Hydrochloride
  - Naloxone Hydrochloride
  - Naltrexone (oral)
  - Naltrexone Microsphere Injectable Suspension (Vivitrol)
  - Lofexidine Hydrochloride (Lucemyra)
  - Disulfiram (Antabuse)
  - Methadone (ibinigay lamang ng mga Programa sa Paggamot sa Narcotics)
- Puwedeng ibigay ang mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon kasama ang mga sumusunod na serbisyo: pagtatasa, pag-uugnay ng pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, pagpapayo sa grupo, therapy ng pamilya, mga serbisyo sa gamot, pagtuturo sa pasyente, mga serbisyo sa pagrekober, at mga serbisyo ng interbensyon sa krisis sa problema sa paggamit ng sangkap, at mga serbisyo sa pamamahala ng withdrawal. Puwedeng ibigay ang mga Gamot para sa Paggamot



sa Adiksyon bilang bahagi ng lahat ng serbisyo sa Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal, kabilang ang mga Serbisyo sa Outpatient na Paggamot, Serbisyo sa Masinsinang Outpatient na Paggamot, at Residensyal na Paggamot, bilang halimbawa.

- Puwede ring i-access ng mga miyembro ang Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon sa labas ng Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal ng county. Halimbawa, ang Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksyon, gaya ng buprenorphine, ay puwedeng ireseta ng mga tagapagreseta sa mga lugar para sa pangunahing pangangalaga na nakikipagtulungan sa iyong plano ng pinapamahalaang pangangalaga at puwedeng i-dispense o ibigay sa isang parmasya.

### ***Reentry na Nauugnay sa Katarungan***

- Pagbibigay ng mga serbisyo sa kalusugan sa mga miyembrong nauugnay sa katarungan nang hanggang 90 araw bago ang kanilang paglaya mula sa pagkakabilanggo. Kasama sa mga uri ng mga serbisyong available ang pamamahala ng kaso ng reentry, mga serbisyo sa klinikal na pagkonsulta para sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali, suporta ng peer, pagpapayo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali, therapy, edukasyon sa pasyente, mga serbisyo sa gamot, pagpapalano pagkatapos ng pag-release at pag-discharge, mga serbisyo sa laboratoryo at radiology, impormasyon ng gamot, mga pansuportang serbisyo, at tulong sa pagpapatala sa naaangkop na provider, halimbawa, sa isang Programa ng Paggamot sa Narcotics para makapagpatuloy sa Paggamot sa Tulong ng Gamot kasunod ng pag-release. Para matanggap ang mga serbisyong ito, miyembro dapat ng Medi-Cal o CHIP ang mga indibidwal, at:
  - Kung wala pang 21 taong gulang at nasa kustodiya ng isang Pasilidad para sa Pagwawasto ng Kabataan.
  - Kung nasa hustong gulang, nasa kustodiya dapat at nakakatugon sa isa sa mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan ng programa.
- [Makipag-ugnayan sa iyong county](#) gamit ang numero ng telepono na nasa pabalat ng handbook na ito para sa higit pang impormasyon tungkol sa serbisyong ito.



***Mga Serbisyo para sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal (nag-iiba ayon sa county)***

- Ang Mga Serbisyo para sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal ay nagsusulong ng pagpapagaling, katatagan, pakikipag-ugnayan, pakikisalamuha sa iba, pagsuporta sa sarili, pagsusulong ng sarili, pagbuo ng mga natural na suporta, at pagtukoy ng mga kalakasan sa pamamagitan ng mga nakaistrukturang aktibidad. Puwedeng ibigay ang mga serbisyong ito sa iyo o sa iyong itinalagang mahalagang (mga) taong sumusuporta at puwedeng matanggap kasabay ng iba pang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip o Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal. Ang Espesyalista para sa Suporta ng Peer sa Mga Serbisyo para sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal ay isang indibidwal na may personal na karanasan sa mga kondisyon sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali o paggamit ng substance at kasalukuyang nagpapagaling, na nakakumpleto sa mga kinakailangan sa programa ng pagsertipika na naaprubahan ng Estado ng county, sertipikado ng mga county, at nagbibigay sa mga serbisyong ito sa ilalim ng direksyon ng isang Propesyonal sa Kalusugan na Nauugnay sa Pag-uugali na lisensyado, na-waiver, o rehistrado sa Estado.
- Kasama sa Mga Serbisyo para sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal ang pang-indibidwal at panggrupong coaching, mga grupo sa paghahasa ng mga kasanayang pangkaalaman, pag-navigate ng mga resource, serbisyo sa pakikipag-ugnayan para mahikayat kang makibahagi sa paggamot ng kalusugan na nauugnay sa pag-uugali, at therapeutic na serbisyo gaya ng pagsusulong ng sarili.
- Puwedeng magkwalipika ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose, at Paggamot, saan mang county sila nakatira.
- Ang pagbibigay ng Mga Serbisyo para sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyong [“Karagdagang Impormasyon Tungkol Sa Iyong County”](#) na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung ang iyong county ay nagbibigay ng serbisyong ito.

### ***Mga Serbisyo sa Pagrekober***

- Ang Mga Serbisyo sa Pagpapagaling ay puwedeng maging mahalagang bahagi ng iyong pagpapagaling at kalagayan. Makakatulong sa iyo ang mga serbisyo sa pagpapagaling na maiugnay sa komunidad sa paggamot para mapamahalaan ang iyong kalusugan at pangangalagang pangkalusugan. Samakatuwid, binibigyang-diin ng serbisyong ito ang iyong tungkulin sa pamamahala ng iyong kalusugan, paggamit ng epektibong mga diskarte sa pagsuporta sa pamamahala sa sarili, at pag-aayos ng mga panloob at pangkomunidad na mapagkukunan upang magbigay ng patuloy na suporta sa pamamahala sa sarili.
- Puwede kang makatanggap ng Mga Serbisyo sa Pagpapagaling batay sa iyong pagtatasa ng sarili o batay sa pagtatasa ng provider mo sa posibilidad ng pag-relapse. Puwede mo ring tanggapin ang Mga Serbisyo sa Pagpapagaling nang personal o sa pamamagitan ng telehealth o telepono.
- Kasama sa mga Serbisyo sa Pagrekober ang pagtatasa, pag-uugnay ng pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, pagpapayo sa grupo, therapy sa pamilya, pagsubaybay sa pagrekober, at mga bahagi ng pag-iwas sa pagbalik.

### ***Koordinasyon ng Pangangalaga***

- Ang mga Serbisyo sa Koordinasyon ng Pangangalaga ay binubuo ng mga aktibidad upang magbigay ng koordinasyon ng pangangalaga sa mga karamdaman sa paggamit ng sangkap, pangangalaga sa kalusugan ng kaisipan, at pangangalagang medikal, at upang magbigay ng mga koneksyon sa mga serbisyo at suporta para sa iyong kalusugan. Ibinibiagay ang Pag-uugnay ng Pangangalaga kasama ng lahat ng serbisyo at puwedeng maganap sa isang klinikal at hindi klinikal na setting, kabilang sa iyong komunidad.
- Kasama sa mga Serbisyo sa Koordinasyon ng Pangangalaga ang pakikipag-ugnayan sa mga provider ng medikal na kalusugan at kalusugan sa pag-iisip upang subaybayan at suportahan ang mga kondisyon ng kalusugan, pagpapalano ng paglabas, at pakikipag-ugnayan sa mga serbisyo sa pagtulong kabilang ang



pag-uugnay sa iyo sa mga serbisyong nakabatay sa komunidad tulad ng pangangalaga sa bata, transportasyon, at pabahay.

### ***Contingency Management (nag-iiba ayon sa county)***

- Puwedeng magkwalipika ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot saanmang county sila nakatira.
- Ang Mga Serbisyo sa Contingency Management ay paggamot na batay sa ebidensya para sa disorder sa paggamit ng stimulant kung saan makikibahagi ang mga kwalipikadong miyembro sa isang may istrukturang 24 na linggong serbisyo sa Contingency Management, na susundan ng anim o higit pang buwan ng karagdagang paggamot at mga serbisyo para sa suporta sa pagpapagaling nang walang incentive.
- Ang unang 12 linggo ng mga serbisyo sa Contingency Management ay may serye ng mga incentive para sa mga layunin sa paggamot sa meeting, partikular na ang hindi paggamit ng mga stimulant (hal. cocaine, amphetamine, at methamphetamine). Dapat ding sumang-ayon ang mga kalahok na sumailaim sa pagsusuti ng ihi para sa droga sa tuwing iaatas ito ng programa ng mga serbisyo sa Contingency Management. Kabilang mga insentibo ang katumbas na pera (hal., mga gift card).
- Ang mga Serbisyo sa Contingency Management ay para lamang sa mga miyembro na tumatanggap ng mga serbisyo sa isang hindi tirahan na pasilidad na pinapatakbo ng isang kalahok na provider at nakarehistro at nakikilahok sa isang komprehensibo at indibidwal na course ng paggamot.

### ***Mga Serbisyong Mobile para sa Krisis***

- Ang mga Serbisyo sa Mobile Crisis ay available kung ikaw ay nakakaranas ng krisis na may kaugnayan sa paggamit ng sangkap.
- Ang Mga Serbisyong Mobile para sa Krisis ay ibinibigay ng mga provider ng kalusugan sa lokasyon kung saan ka nakakaranas ng krisis, kasama ang iyong tahanan, trabaho, paaralan, o iba pang lokasyon sa komunidad, pero hindi kasama



ang ospital o iba pang pasilidad. Available ang Mga Serbisyong Mobile para sa Krisis 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo, at 365 raw kada taon.

- Kabilang sa Mga Serbisyong Mobile para sa Krisis ang mabilisang tugon, pagtatasa ng indibidwal, at stabilization sa komunidad. Kung kailangan mo ng higit pang pangangalaga, magbibigay rin ang mga provider ng mobile para sa krisis ng hand-off o referral sa iba pang serbisyo.

### **Mga Tradisyonal na Kasanayan sa Pangangalagang Pangkalusugan**

- Ang mga tradisyonal na kasanayan sa pangangalagang pangkalusugan ay inaasahang magpapahusay sa access sa pangangalagang tumutugon sa kultura; susuporta sa kakayahan ng mga pasilidad na ito na maglingkod sa kanilang mga pasyente; magpapanatili at magsusulong ng kalusugan; magpapabuti ng mga kinalabasan sa kalusugan at ng kalidad at karanasan ng pangangalaga; at magbabawas ng mga umiiral na hindi pagkakapantay-pantay sa access sa pangangalaga.
- Ang mga tradisyonal na kasanayan sa pangangalagang pangkalusugan ay sumasaklaw sa dalawang bagong uri ng serbisyo: Mga serbisyo ng Traditional Healer at Natural Helper. Kabilang sa mga serbisyo ng Traditional Healer ang therapy sa musika (tulad ng tradisyunal na musika at mga awitin, pagsasayaw, pagtugtog ng tambol), espiritwalidad (tulad ng mga seremonya, ritwal, at mga halamang-gamot), at iba pang mga pinagsamang pamamaraan. Ang mga serbisyo ng Natural Helper ay maaaring makatulong sa pagbibigay ng suporta sa paglalakbay, pagbuo ng mga kasanayang psychosocial, sariling pamamahala, at suporta para sa trauma.
- [Makipag-ugnayan sa iyong county](#) gamit ang numero ng telepono sa cover ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa serbisyong ito.

### **Pinahusay na Serbisyo ng Community Health Worker (CHW) (nag-iiba ayon sa county)**

- Ang mga CHW ay mga manggagawang pangkalusugan na may espesyal na pagsasanay at mga pinagkakatiwalaang miyembro ng kanilang mga komunidad.



- Ang layunin ng Pinahusay na Serbisyo ng CHW ay makatulong na maiwasan ang mga sakit, kapansanan, at iba pang mga problema sa kalusugan bago pa ito lumala. Kabilang sa Pinahusay na Serbisyo ng CHW ang lahat ng parehong bahagi at tuntunin ng regular na mga serbisyong pang-iwas ng CHW, ngunit iniangkop ang mga ito para sa mga taong nangangailangan ng karagdagang suporta sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali. Ang layunin ay magbigay ng karagdagang suporta upang mapanatiling malusog at maayos ang mga miyembrong ito.
- Ilan sa mga serbisyong ito ay kinabibilangan ng: edukasyon at pagsasanay sa kalusugan, kabilang ang pagkontrol at pag-iwas sa malala o nakahahawang sakit; mga kondisyon sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali, perinatal, at oral; at pag-iwas sa pinsala; pagpapalaganap at pagtuturo sa kalusugan, kabilang ang pagtatakda ng layunin at paglikha ng plano ng pagkilos upang matugunan ang pag-iwas at pamamahala ng sakit.
- Ang pagbibigay ng Pinahusay na Serbisyo ng CHW ay opsyonal para sa mga kalahok na county. Sumangguni sa seksyong “[Karagdagang Impormasyon Tungkol Sa Iyong County](#)” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung ang iyong county ay nagbibigay ng serbisyong ito.

### **Suportadong Pagtatrabaho (nag-iiba ayon sa county)**

- Ang Individual Placement and Support (IPS) na modelo ng Suportadong Pagtatrabaho ay isang serbisyong tumutulong sa mga taong may malubhang pangangailangan sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali na makahanap at mapanatili ang mga mapagkumpitensyang trabaho sa kanilang komunidad.
- Sa pamamagitan ng paglahok sa Suportadong Pagtatrabaho ng IPS, maaaring makamit ng mga tao ang mas magagandang resulta sa trabaho at masuportahan ang kanilang paggaling mula sa kanilang kondisyon sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali.
- Ang programang ito ay nakakatulong din upang mapabuti ang kalayaan, pakiramdam na pagiging kabilang, at pangkahalatang kalusugan at kagalingan.
- Ang pagbibigay ng Suportadong Pagtatrabaho ay opsyonal para sa mga kalahok



COUNTY OF SANTA CLARA  
**Behavioral Health Services**

Supporting Wellness and Recovery

na county. Sumangguni sa seksyong “[Karagdagang Impormasyon Tungkol Sa Iyong County](#)” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung ang iyong county ay nagbibigay ng serbisyong ito.



**MGA SERBISYONG AVAILABLE SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO  
TELEHEALTH**

Hindi palaging kinakailangan ng personal na harapang pakikipag-ugnayan sa pagitan mo at ng iyong provider para makatanggap ka ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali. Depende sa iyong mga serbisyo, puwede mong matanggap ang iyong mga serbisyo sa pamamagitan ng telepono o telehealth. Dapat ipaliwanag sa iyo ng provider mo ang tungkol sa paggamit ng telepono o telehealth at dapat niyang tiyaking sumasang-ayon ka bago niya simulan ang mga serbisyo sa pamamagitan ng telepono o telehealth. Kahit na sumasang-ayon kang tanggapin ang iyong mga serbisyo sa pamamagitan ng telehealth o telepono, puwede mong piliin sa ibang pagkakataon na tanggapin ang iyong mga serbisyo nang personal o nang harapan. Ang ilang uri ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali ay hindi puwedeng ibigay sa pamamagitan lang ng telehealth o telepono dahil kailangan ay nasa isang partikular na lugar ka para sa serbisyo, gaya ng mga residensyal na serbisyo sa paggamot o serbisyo sa ospital.



## **ANG PROSESO NG PAGLUTAS NG PROBLEMA: PARA MAGHAIN NG**

### **KARAINGAN, APELA, O HUMILING NG PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO**

#### **Paano Kung Hindi Ko Natatanggap ang Mga Serbisyong Gusto Ko mula sa Aking County?**

May paraan ang iyong county para malutaas mo ang anumang problemang nauugnay sa mga serbisyong gusto o natatanggap mo. Tinatawag itong proseso ng paglutas ng problema at kabilang rito ang mga sumusunod:

- Ang Proseso ng Karaingan: Pasalita o nakasulat na pahayag ng hindi pagkakuntento sa anumang nauugnay sa iyong mga specialty na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, serbisyo para sa disorder sa paggamit ng substance, isang provider, o sa county. Sumangguni sa seksyong Proseso ng Karaingan ng handbook na ito para sa higit pang impormasyon.
- Ang Proseso ng Apela: Ang apela ay kapag hindi ka sang-ayon sa desisyon ng county na baguhin ang iyong mga serbisyo (hal., pagtanggig, pagwawakas, o pagbawas ng serbisyo) o hindi saklawain ang mga ito. Sumangguni sa seksyong Proseso ng Apela ng handbook na ito para sa higit pang impormasyon.
- Ang Proseso ng Patas na Pagdinig ng Estado: Ang Patas na Pagdinig ng Estado ay isang pagpupulong sa isang hukom mula sa Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California (California Department of Social Services, CDSS) kung tatanggihan ng county ang iyong apela. Sumangguni sa seksyong Patas na Pagdinig ng Estado sa handbook na ito para sa higit pang impormasyon.

Ang paghahain ng reklamo, apela, o paghiling ng Patas na Pagdinig ng Estado ay hindi makakasama sa iyo at hindi ito makakaapekto sa mga serbisyong natatanggap mo. Makakatulong sa iyo ang paghahain ng karaingan o apela na makuha ang mga serbisyong kailangan mo at malutas ang anumang problema mo sa mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali. Tumutulong din ang mga karaingan at apela sa county sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng impormasyong magagamit nila sa pagpapahusay ng mga serbisyo. Ang county ay mag-aabiso sa iyo, mga provider, at magulang/tagapangalaga tungkol sa resulta kapag nakumpleto na ang iyong karaingan



o apela. Ang Tanggapan para sa Patas na Pagdinig ng Estado ay mag-aabiso sa iyo at sa provider tungkol sa resulta kapag nakumpleto na ang Patas na Pagdinig ng Estado.

**Tandaan:** Matuto pa tungkol sa bawat proseso ng paglutas ng problema sa ibaba.

### **Puwede ba Akong Humingi ng Tulong sa Paghahain ng Apela, Reklamo, o Patas na Pagdinig ng Estado?**

Tutulong ang iyong county na ipaliwanag sa iyo ang mga prosesong ito at dapat ka nilang tulungan sa paghahain ng karaingan, apela, o paghiling ng Patas na Pagdinig ng Estado. Matutulungan ka rin ng county na magpasya kung kwalipikado ka sa tinatawag na proseso ng “pinabilis na apela,” kung saan mas mabilis ang pagsusuri dahil nasa panganib ang iyong kalusugan, kalusugan ng pag-iisip, at/o stability. Puwede ka ring magbigay ng pahintulot sa ibang tao na kumilos para sa iyo, pati sa iyong provider o tagapagsulong.

Kung gusto mo ng tulong, [makipag-ugnayan sa iyong county](#) gamit ang numero ng telepono sa pabalat ng handbook na ito. Dapat kang bigyan ng iyong county ng makatuwirang tulong sa pagsagot ng mga form at iba pang hakbang na nauugnay sa isang karaingan o apela. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, pagbibigay ng mga serbisyo ng interpreter at toll-free na numero na may TTY/TDD at kakayahan ng interpreter.

### **Kung Kailangan Mo Pa ng Tulong**

*Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang*

*Pangkalusugan, Tanggapan ng Ombudsman:*

- **Telepono:** **1-888-452-8609**, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. (hindi kasama ang mga holiday).

O

- **E-mail:** [MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov](mailto:MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov). **Pakitandaan:** Ang mga mensahe ng email ay hindi itinuturing na kumpidensyal (mangyaring huwag



isama ang personal na impormasyon sa mensahe sa email).

Puwede ka ring humingi ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na tanggapan ng legal na tulong o iba pang pangkat. Para matuto tungkol sa iyong mga karapatan sa Patas na Pagdinig ng Estado, puwede kang makipag-ugnayan sa Unit para sa Tanong at Sagot sa Publiko ng Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California sa numerong ito ng telepono: **1-800-952-5253** (para sa TTY, tumawag sa **1-800-952-8349**).

## **Mga Karaingan**

### ***Ano ang Reklamo?***

Ang karaingan ay isang reklamo kaugnay ng hindi mo pagkakuntento sa anumang aspeto ng iyong mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali na hindi sinasaklaw ng proseso ng apela o Patas na Pagdinig ng Estado. Kabilang dito ang mga alalahanin tungkol sa kalidad ng pangangalagang natatanggap mo, kung paano ka tinatrato ng mga kawani at provider ng serbisyo, at mga hindi pagkakasundo tungkol sa mga desisyong may kaugnayan sa iyong pangangalaga.

Mga halimbawa ng karaingan:

- Kung pakiramdam mo ay naging bastos sa iyo ang isang provider o hindi iginalang ang iyong mga karapatan.
- Kung nangangailangan ang county ng mas mahabang panahon upang magpasya tungkol sa pag-apruba ng isang serbisyong hiniling ng iyong provider para sa iyo, at hindi ka sumasang-ayon sa pagpapalawig na ito.
- Kung hindi ka nasisiyahan sa kalidad ng pangangalagang natatanggap mo o sa paraan ng pagpapaliwanag sa iyo ng iyong plano ng paggamot.

### ***Ano Ang Proseso ng Reklamo?***

Sa proseso ng karaingan:



- Kabilang ang mga simpleng hakbang para maihain ang iyong karaingan nang pasalita o sa pamamagitan ng pagsulat.
- Hindi mawawala ang iyong mga karapatan o serbisyo o hindi ito gagamitin laban sa provider mo.
- Magagawa mo na mag-apruba ng ibang tao na kikilos para sa iyo Puwedeng isa siyang provider o tagapagsulong. Kung sumang-ayon kang magtalaga ng ibang tao na kikilos para sa iyo, puwedeng may palagdaan sa iyo na form ng pahintulot, na magbibigay sa county mo ng pahintulot na mag-release ng impormasyon sa taong iyon.
- Tiyaking kwalipikado ang naaprubahang indibidwal na magpapasya sa karaingan na gumawa ng mga pasya at hindi siya naging bahagi ng anumang nakaraang antas ng pagsusuri o pagpapasya.
- Tutukuyin ang mga tungkulin ng iyong county, provider, at ng iyong sarili.
- Titiyaking maibibigay ang mga resulta ng karaingan sa loob ng kinakailangang timeframe

### ***Kailan Ako Puwedeng Maghain ng Reklamo?***

Puwede kang maghain ng karaingan anumang oras kung hindi ka nasisiyahan sa pangangalagang natanggap mo o kung may iba ka pang alalahanin sa iyong county.

### ***Paano Ako Puwedeng Maghain ng Reklamo?***

Puwede mong i-access ang 24/7 na toll-free na Access Line ng iyong county anumang oras para makatanggap ng tulong sa isang karaingan. Puwedeng maghain ng pasalita o nakasulat na karaingan. Hindi kailangang i-follow up nang nakasulat ang mga pasalitang reklamo. Kung nakasulat ang ihahain mong karaingan, pakitandaan ang mga sumusunod: Nagbibigay ang iyong county ng mga sobre na naka-address sa kanila sa lahat ng site ng provider. Kung wala kang sobrang naka-address sa kanila, ipadala ang iyong mga nakasulat na karaingan sa address na nasa harap ng handbook na ito.



***Paano Ko Malalaman Kung Natanggap ng County ang Aking Karaingan?***

Inaatasan ang iyong county na bigyan ka ng nakasulat na liham para ipaalam sa iyo na natanggap na ang karaingan mo sa loob ng limang araw ng kalendaryo pagkatapos itong matanggap. Exempted, at puwedeng hindi ka makatanggap ng liham, sa isang karaingan sa pamamagitan ng telepono o nang personal, na sinasang-ayunan mong malulutas sa pagtatapos ng susunod na araw ng negosyo.

***Kailan Pagdedesisyunan ang Aking Reklamo?***

Dapat pagpasyahan ng iyong county ang karaingan mo sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng paghahain sa iyong karaingan.

***Paano Ko Malalaman Kung Napagpasyahan na ng County ang Aking Karaingan?***

Kapag napagpasyahan na ang iyong karaingan, gagawin ng county ang:

- Papadalhan ka o ang naaprubahang tao ng nakasulat na abiso tungkol sa pasya;
- Papadalhan ka o ang naaprubahang indibidwal ng Abiso sa Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo na nagpapabatid sa iyo ng karapatan mong humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado kung hindi ka maaabisuhan ng county tungkol sa pasya sa karaingan nang nasa oras;
- Aabisuhan ka tungkol sa karapatan mong humiling ng Patas na Pagdinig Estado.

Puwedeng hindi ka makatanggap ng nakasulat na abiso tungkol sa pasya kung sa pamamagitan ng telepono o personal inihain ang iyong karaingan at kung sumasang-ayon kang malulutas ang iyong isyu sa pagtatapos ng susunod na araw ng negosyo mula sa petsa ng paghahain.

**Tandaan:** Inaatasan ang iyong county na bigyan ka ng Abiso sa Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo sa petsa kung kailan mag-e-expire ang timeframe. Puwede kang tumawag sa county para sa higit pang impormasyon kung hindi ka makatanggap ng Abiso sa Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo.



### ***Mayroon Bang Deadline sa Paghahain ng Reklamo?***

Wala, puwede kang maghain ng reklamo anumang oras. Huwag mag-atubiling dalhin ang mga isyu sa atensyon ng county. Laging makikipagtulungan sa iyo ang county upang makahanap ng solusyon sa iyong mga alalahanin.

### **Mga Apela**

Puwede kang maghain ng apela kapag hindi ka sumasang-ayon sa pasya ng county para sa mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali na kasalukuyan mong natatanggap o gusto mong matanggap. Puwede mong hilinging suriin ang pasya ng county gamit ang:

- Karaniwang Proseso ng Apela:

O

- Pinabilis na Proseso ng Apela:

**Tandaan:** Ang dalawang uri ng apela ay magkatulad; gayunpaman, may mga partikular na kinakailangan upang maging kwalipikado para sa isang pinabilis na apela (tingnan sa ibaba ang mga kinakailangan).

Tutulungan ka ng county sa pagkumpleto ng mga form at sa paggawa ng iba pang mga hakbang sa pamamaraan upang maghain ng apela, kabilang ang paghahanda ng nakasulat na apela, pagpapaalam sa iyo ng lokasyon ng form sa kanilang website, o pagbibigay sa iyo ng form kapag hiniling mo. Papayuhan at tutulungan ka rin ng county sa paghiling ng pagpapatuloy ng mga benepisyo habang nag-aapela sa hindi kanais-nais na pasya sa benepisyo alinsunod sa mga regulasyon ng pederal.

### ***Ano ang Ginagawa sa Proseso ng Karaniwang Apela?***

Sa Proseso ng Karaniwang Apela:

- Bibigyang-daan kang maghain ng apela nang pasalita o nakasulat.
- Titiyaking ang paghahain ng apela ay hindi magiging dahilan para mawala ang iyong mga karapatan o serbisyo o hindi gagamitin laban sa provider mo sa



anumang dahilan.

- Pinapayagan kang mag-apruba ng ibang tao (kabilang ang isang provider o tagapagtaguyod) na kumilos para sa iyo. Pakitandaan: Kung pahihitulutan mo ang ibang tao na kumilos para sa iyo, maaaring hilingin sa iyo ng county na pumirma sa isang form na nagpapahintulot sa county na magbigay ng impormasyon sa taong iyon.
- Puwedeng ipagpatuloy ang iyong mga benepisyo kapag hiniling para sa isang apela sa loob ng kinakailangang timeframe. Pakitandaan: Ito ay 10 araw mula sa petsa kung kailan ipinadala sa pamamagitan ng koreo o personal na ibinigay sa iyo ang iyong Abiso sa Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo.
- Titiyaking hindi ka magbabayad para sa pagpapatuloy ng mga serbisyo habang nakabinbin ang apela at kung papabor ang pinal na pasya sa apela sa hindi kanais-nais na pasya sa benepisyo ng county.
- Titiyaking ang mga magpapasya para sa iyong apela ay kwalipikado at hindi nakibahagi sa anumang nakaraang antas ng pagsusuri o pagpapasya.
- Magbibigay-daan sa iyo o sa kinatawan mo na suriin ang iyong file ng kaso, kabilang ang mga medikal na talaan at iba pang nauugnay na dokumento.
- Payagan kang magkakaroon ng makatuwirang pagkakataon na magbigay ng ebidensya, salaysay, at mga pangangatwiran nang personal o sa pamamagitan ng pagsulat.
- Nagbibigay-daan sa iyo, sa iyong naaprubahang tao, o sa legal na kinatawan ng estado ng pumanaw na miyembro na maisama bilang mga panig sa apela.
- Nagbibigay sa iyo ng nakasulat na kumpirmasyon mula sa iyong county na sinusuri ang apela mo.
- Ipapaalam sa iyo ang iyong karapatang humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado, pagkatapos makumpleto ang proseso ng apela.

### ***Kailan Ako Puwedeng Maghain ng Apela?***

Puwede kang maghain ng apela sa iyong county kapag:

- Matutukoy ng county o ng nakakontratang provider na hindi ka nakakatugon sa mga pamantayan sa pag-access ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa



pag-uugali.

- May irerekomenda sa iyo ang provider mo ng pangangalagang pangkalusugan na isang serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali at hihingi siya ng pag-apruba mula sa iyong county, pero tatanggihan ng county ang kahilingan o babaguhin nito ang uri o dalas ng serbisyo.
- Hihingi ang iyong provider ng pag-apruba mula sa county, pero kailangan ng county ng higit pang impormasyon at hindi nito makukumpleto ang proseso ng pag-apruba nang nasa oras.
- Hindi nagbibigay ang iyong county ng mga serbisyo batay sa mga timeline nito.
- Sa palagay mo ay hindi nakakatugon ang iyong county sa mga pangangailangan mo nang nasa oras.
- Hindi nalutas ang iyong karaingan, apela, o pinabilis na apela nang nasa oras.
- Hindi kayo magkasundo ng provider mo sa mga kinakailangang serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali.

### ***Paano Ako Puwedeng Maghain ng Apela?***

- Puwede kang maghain ng apela gamit ang isa sa sumusunod na tatlong paraan:
  - Tumawag sa toll-free na numero ng telepono ng iyong county na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Pagkatapos tumawag, kailangan mo ring maghain ng nakasulat na apela; o
  - Ipadala ang iyong apela sa pamamagitan ng koreo (Magbibigay ang county ng mga sobreng naka-address sa kanila sa lahat ng lugar ng provider para maipadala mo ang iyong apela). Tandaan: Kung wala kang sobreng naka-address sa kanila, puwede mong direktang ipadala ang iyong apela sa address sa harap ng handbook na ito; o
  - Isumite ang iyong apela sa pamamagitan ng e-mail o fax. Mangyaring sumangguni sa seksyong '[Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan sa County](#)' sa handbook na ito upang malaman ang naaangkop na paraan (hal., email, fax) para sa pagsusumite ng iyong apela.



### ***Paano Ko Malalaman Kung Napagdesisyunan na ang Aking Apela?***

Makakatanggap ka o ang naaprubahan mong indibidwal ng nakasulat na abiso mula sa county tungkol sa pasya sa iyong apela. Kasama sa abiso ang sumusunod na impormasyon:

- Ang mga resulta ng proseso ng paglutas ng problema.
- Ang petsa kung kailan ginawa ang pagdedesisyon sa apela.
- Kung hindi malulutas ang apela nang pabor sa iyo, magbibigay ang abiso ng impormasyon tungkol sa karapatan mo sa isang Patas na Pagdinig ng Estado at kung paano humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.

### ***Mayroon Bang Deadline sa Paghahain ng Apela?***

Dapat kang maghain ng apela sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa sa Abiso sa Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo. Walang deadline para sa paghahain ng apela kapag hindi ka nakatanggap ng Abiso sa Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo, kaya puwede kang maghain ng ganitong uri ng apela anumang oras.

### ***Kailan Magdedesisyon Tungkol sa Aking Apela?***

Dapat pagpasyahan ng county ang iyong apela sa loob ng 30 araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ang iyong kahilingan.

### ***Paano Kung Hindi Ako Makapaghintay nang 30 Araw para sa Desisyon sa Aking Apela?***

Kung nakakatugon ang apela sa mga pamantayan para sa proseso ng pinabilis na apela, puwedeng mas mabilis itong makumpleto.

### ***Ano ang Pinabilis na Apela?***

Ang proseso ng pinabilis na apela ay katulad sa karaniwang apela, pero mas mabilis ito. Narito ang ilan pang impormasyon tungkol sa mga pinabilis na apela:

- Dapat mong ipakita na lalala ang iyong kundisyon sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali kung maghihintay ka para sa karaniwang apela.
- Iba ang mga deadline ng proseso ng pinabilis na apela kumpara sa karaniwang apela.



- May 72 oras ang county para suriin ang mga pinabilis na apela.
- Puwede kang magsagawa ng pasalitang kahilingan sa pinabilis na apela.
- Hindi mo kailangang ilagay sa kasulatan ang iyong kahilingan sa pinabilis na apela.

### ***Kailan Ako Puwedeng Maghainng Pinabilis na Apela?***

Kung ang paghihintay nang hanggang 30 araw para sa isang karaniwang pasya sa apela ay makakasama sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang abutin, panatilihin, o ipanumbalik ang maximum na function ng iyong pangangatawan, puwede kang humiling ng pinabilis na paglutas ng apela.

### ***Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Mga Pinabilis na Apela:***

- Kung nakakatugon ang iyong apela sa mga pangangailangan para sa pinabilis na apela, lulutasin ito ng county sa loob ng 72 oras pagkatapos itong matanggap.
- Kung matutukoy ng county na hindi nakakatugon ang iyong apela sa mga pamantayan para sa pinabilis na apela, kailangan ka nilang bigyan ng pasalitang abiso nang nasa oras at bibigyan ka nila ng nakasulat na abiso sa loob ng dalawang araw ng kalendaryo, na nagpapaliwanag sa dahilan ng kanilang pasya. Susundin ng iyong apela ang mga timeframe ng karaniwang apela na nakabalangkas sa unang bahagi ng seksyong ito.
- Kung hindi ka sumasang-ayon sa pasya ng county na hindi nakakatugon ang iyong apela sa mga pamantayan para sa pinabilis na apela, puwede kang maghain ng karaingan.
- Pagkatapos malutas ng iyong county ang kahilingan mo para sa pinabilis na apela, aabisuhan ka at ang lahat ng apektadong panig nang pasalita at sa pamamagitan ng pagsulat.



## **Mga Patas na Pagdinig ng Estado**

### ***Ano ang Patas na Pagdinig ng Estado?***

Ang Patas na Pagdinig ng Estado ay isang hiwalay na pagsusuri na isinasagawa ng isang hukom sa pang-administratibong batas ng Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California (CDSS) para matiyak na natatanggap mo ang mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali na karapatan mong matanggap sa ilalim ng programa ng Medi-Cal.

Mangyaring bisitahin ang website ng Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California sa <https://www.cdss.ca.gov/hearing-requests> para sa karagdagang mapagkukunan.

### ***Ano ang Mga Karapatan Ko sa Patas na Pagdining ng Estado?***

May karapatan kang:

- Humiling ng pagdinig sa isang hukom para sa pang-administratibong batas, na tinatawag ding Patas na Pagdinig ng Estado, para matugunan ang iyong kaso.
- Alamin kung paano humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.
- Matuto tungkol sa mga regulasyong kung paano gumagana ang representasyon sa panahon ng Patas na Pagdinig ng Estado.
- Hilinging ipagpatuloy ang iyong mga benepisyo sa proseso ng Patas na Pagdinig ng Estado kung hihiling ka ng Patas na Pagdinig ng Estado sa loob ng mga kinakailangang timeframe.
- Huwag magbayad para sa pagpapatuloy ng mga serbisyo habang nakabinbin ang Patas na Pagdinig ng Estado at kung pabor ang pinal na pasya sa hindi kanais-nais na pasya sa benepisyo ng county.

### ***Kailan Ako Puwedeng Maghain para sa Patas na Pagdinig ng Estado?***

Puwede kang maghain para sa Patas na Pagdinig ng Estado kung:

- Naghain ka ng apela at nakatanggap ka ng liham sa paglutas ng apela na nagsasabing tinanggihan ng iyong county ang iyong kahilingan sa apela.
- Hindi nalutas ang iyong reklamo, apela, o pinabilis na apela sa tamang panahon.



### ***Paano Ako Hihiling ng Patas na Pagdinig ng Estado?***

Puwede kang humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado:

- Online: sa website ng Pamamahala ng Kaso ng Mga Apela ng Departamento ng Mga Serbisyonang Panlipunan: <https://acms.dss.ca.gov/acms/login.request.do>
- Sa pamamagitan ng Pagsulat: Isumite ang iyong kahilingan sa departamento para sa kapakanan ng county sa address na ipinapakita sa Abiso sa Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo, o ipadala ito sa:  
**California Department of Social Services**  
**State Hearings Division**  
**P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37**  
**Sacramento, CA 94244-2430**
- Sa pamamagitan ng fax: 916-651-5210 or 916-651-2789

Puwede ka ring humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado o pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado.

- Sa pamamagitan ng telepono:
  - *Dibisyon para sa Mga Pagdinig ng Estado*, toll-free, sa **1-800-743-8525** o **1-855-795-0634**.
  - Pampublikong Inquiry at Sagot, toll-free, sa **1-800-952-5253** o TDD sa **1-800-952-8349**.

### ***Mayroon Bang Deadline sa Paghiling ng Patas na Pagdinig ng Estado?***

Mayroon kang 120 araw mula sa petsa ng nakasulat na abiso ng pasya sa apela ng county para humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado. Kung hindi ka nakatanggap ng Abiso sa Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo, puwede kang maghain para sa Patas na Pagdinig ng Estado anumang oras.

### ***Puwede Ko Bang Ipagpatuloy ang Mga Serbisyo Habang Naghihintay Ako ng Desisyon sa Patas na Pagdinig ng Estado?***

Oo, kung kasalukuyan kang nakakatanggap ng mga awtorisadong serbisyo at gusto mong patuloy na makatanggap ng mga serbisyo habang hinihintay mo ang pasya sa



Patas na Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa petsa kung kailan naka-postmark o naihatid sa iyo ang abiso ng pasya ng apela. Bilang alternatibo, puwede mong hilingin ang pagdinig bago ang petsa kung kailan sinabi ng iyong county na ihihinto o babawasan ang mga serbisyo.

**Tandaan:**

- Sa paghiling ng Patas na Pagdinig ng Estado, dapat mong isaad na gusto mong patuloy na makatanggap ng mga serbisyo sa panahon ng proseso ng Patas na Pagdinig ng Estado
- Kung hihilingin mong patuloy na makatanggap ng mga serbisyo at kukumpirmahin sa pinal na pasya ng Patas na Pagdinig ng Estado na babawasan o ihihinto ang serbisyong natatanggap mo, hindi mo kailangang bayaran ang gastusin sa mga serbisyong ibinigay habang nakabinbin ang Patas na Pagdinig ng Estado.

***Kailan Magkakaroon ng Desisyon Tungkol sa Aking Desisyon sa Patas na Pagdinig ng Estado?***

Pagkatapos humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado, puwedeng abutin nang hanggang 90 araw bago makatanggap ng pasya.

***Paano Bang Mas Mabilis Akong Makakuha ng Patas na Pagdinig ng Estado?***

Kung sa tingin mo ay mapanganib sa iyong kalusugan ang paghihintay nang ganoong katagal, puwede kang makatanggap ng sagot sa loob ng tatlong araw ng trabaho. Puwede kang humiling ng Pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng pagsulat ng liham o paghiling sa iyong pangkalahatang practitioner o propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip na sumulat ng liham para sa iyo. Kabilang dapat sa liham ang mga sumusunod na impormasyon:

1. Idetalye kung paanong ang paghihintay nang hanggang 90 araw para mapagpasyahan ang iyong kaso ay puwedeng makasama sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang abutin, panatilihin, o ipanumbalik ang maximum na function ng iyong pangangatawan.
2. Humiling ng “pinabilis na pagdinig” at ibigay ang liham kasama ng iyong kahilingan

para sa pagdinig.

Susuriin ng Dibisyon para sa Mga Pagdinig ng Estado ng Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ang iyong kahilingan para sa pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado at tutukuyin nito kung nakakatugon ito sa mga pamantayan. Kung maaaprubahan ang iyong kahilingan, mag-iiskedyul ng pagdinig, at gagawa ng pasya sa loob ng tatlong araw ng trabaho mula sa petsa ng pagtanggap ng Dibisyon para sa Mga Pagdinig ng Estado sa iyong kahilingan.

## **PAUNANG DIREKTIBA**

### **Ano ang Paunang Direktiba?**

Mayroon kang karapatan sa isang paunang direktiba. Ang paunang direktiba ay isang nakasulat na dokumento tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan na kinikilala sa ilalim ng batas ng California. Paminsan-minsan ay puwede kang makarinig ng paunang direktibang inilalarawan bilang living will o durable power of attorney. Kabilang rito ang impormasyon tungkol sa kung paano mo gustong makatanggap ng pangangalagang pangkalusugan o sinasabi kung anong mga pasyang gusto mong gawin, kung o kapag wala kang kakayahang magsalita para sa iyong sarili. Puwedeng kabilang dito ang mga bagay gaya ng karapatang tumanggap o tumanggi ng medikal na paggamot, operasyon, o gumawa ng iba pang mga pagpipilian sa pangangalagang pangkalusugan. Sa California, binubuo ng dalawang bahagi ang paunang direktiba:

- Ang iyong appointment sa isang ahenteng (isang tao) nagdedesisyon tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan; at
- Ang iyong indibidwal na mga tagubilin sa pangangalagang pangkalusugan.

Kinakailangan ang iyong county na magkaroon ng programa sa paunang direktiba. Kinakailangan ang iyong county na magbigay ng nakasulat na impormasyon sa mga patakaran sa paunang direktiba at ipaliwanag ang batas ng estado kapag hiningi ang impormasyon. Kung gusto mong hilingin ang impormasyon, dapat kang tumawag sa numero ng telepono sa pabalat ng handook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Puwede kang makakuha ng form para sa paunang direktiba mula sa iyong county o online. Sa California, mayroon kang karapatang magbigay ng mga tagubilin sa paunang



direktiba sa lahat ng provider ng iyong pangangalagang pangkalusugan. May karapatan ka ring baguhin o kanselahin ang iyong paunang direktiba anumang oras.

Kung mayroon kang katanungan tungkol sa batas ng California tungkol sa mga kinakailangan sa paunang direktiba, puwede kang magpadala ng liham sa:

**California Department of Justice**

**Attn: Public Inquiry Unit**

**P. O. Box 944255**

**Sacramento, CA 94244-2550**

**MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD**

**Mga Responsibilidad ng County**

***Sa ano Responsable ang aking County?***

Responsable ang iyong county para sa mga sumusunod:

- Pagtukoy kung nakakatugon ka sa mga pamantayan sa pag-access ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali mula sa county o sa network ng provider nito.
- Pagbibigay ng screening o pagtatasa para matukoy kung kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali.
- Pagbibigay ng toll-free na numero ng telepono na sinasagot nang 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, na makakapagsabi sa iyo kung paano makakakuha ng mga serbisyo mula sa county. Ang numero ng telepono ay nakalista sa pabalat ng handbook na ito.
- Tinitiyak na may sapat na bilang ng mga provider ng kalusugan na nauugnay sa pag-uugali sa malapit nang sa gayon ay ma-access mo ang mga serbisyong sinasaklaw ng iyong county kung kinakailangan.
- Pagbibigay-kaalaman at pagpapabatid sa iyo ng mga serbisyong available mula sa iyong county.
- Pagbibigay ng mga libreng serbisyo sa iyong wika at, kung kinakailangan,



pagbibigay ng libreng interpreter para sa iyo.

- Pagbibigay sa iyo ng nakasulat na impormasyon tungkol sa kung ano ang available para sa iyo sa iba pang wika o alternatibong format tulad ng Braille o malaking print. Sumangguni sa seksyong “[Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County](#)” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.
- Pagpapabatid sa iyo ng anumang malaking pagbabago sa impormasyong nabanggit sa handbook na ito na nang hindi bababa sa 30 araw bago ipatupad ang mga pagbabago. Itinuturing na malaki ang isang pagbabago kapag nadagdagan o nabawasan ang dami o uri ng mga iniaalok na serbisyo, kung nadagdagan o nabawasan ang bilang ng mga provider ng network, o kung may iba pang pagbabago na makakaapekto sa mga benepisyong natatanggap mo mula sa county.
- Tinitiyak na ikonekta ang iyong pangangalagang pangkalusugan sa iba pang plano o sistema na maaaring kailanganin upang matulungan ang maayos na paglipat ng iyong pangangalaga. Kabilang rito ang pagtiyak na maayos na napa-follow up ang anumang referral para sa mga espesyalista o iba pang provider at na handa ang bagong provider na pangalagaan ka.
- Tinitiyak na puwede kang patuloy na magpatingin sa kasalukuyan mong provider ng pangangalagang pangkalusugan, kahit wala siya sa iyong network, sa loob ng partikular na tagal ng panahon. Mahalaga ito kung makakasama ang pagpapalit ng provider sa iyong kalusugan o magpapataas ng posibilidad na kailangang pumunta sa ospital.

### ***May Available Bang Transportasyon?***

Kung nahihirapan kang makapunta sa iyong mga appointment para sa kalusugan ng pag-iisip o kalusugan na naaugnay sa pag-uugali, makakatulong ang programa ng Medi-Cal na isaayos ang iyong transportasyon. Dapat magbigay ng transportasyon ang Medi-Cal para sa mga miyembrong na walang kakayahang kumuha ng sarili nilang transportasyon at may medikal na pangangailangan para makatanggap ng mga sinasaklaw na serbisyo ng Medi-Cal. Mayroong dalawang uri ng transportasyon para sa mga appointment:



- Hindi Medikal: transportasyon sa pamamagitan ng pribado o pampublikong sasakyan para sa mga taong walang ibang paraan para makapunta sa kanilang appointment.
- Hindi Pang-emergency na Medikal: transportasyon sa pamamagitan ng ambulansya, wheelchair van, o litter van para sa mga hindi puwedeng gumamit ng pampubliko o pribadong transportasyon.

Available ang transportasyon para sa mga pagbiyahe papunta sa parmasya o para kunin ang mga kinakailangang kagamitang medikal, prosthetics, orthotics, at iba pang kagamitan.

Kung mayroon kang Medi-Cal pero hindi ka naka-enroll sa isang plano ng managed care, at kailangan mo ng hindi medikal na transportasyon sa isang serbisyong nauugnay sa kalusugan, puwede kang direktang makipag-ugnayan sa provider ng hindi medikal na transportasyon o sa iyong provider para sa tulong. Kapag makipag-uganayan ka sa transportasyon ng kumpanya, tatanungin ka nila tungkol sa petsa at oras ng iyong appointment.

Kung kailangan mo ng hindi pang-emergency na medikal na transportasyon, puwedeng magrekomenda ang iyong provider ng hindi pang-emergency na medikal na transportasyon at ikonekta ka sa isang provider ng transportasyon upang i-coordinate ang iyong biyahe papunta at pabalik mula sa iyong (mga) appointment.

Para sa karagdagang impormasyon at tulong tungkol sa transportasyon, [makipag-ugnayan sa iyong managed care plan](#).

### **Mga Karapatan ng Miyembro**

#### ***Ano ang Mga Karapatan Ko Bilang Recipient ng Mga Serbisyo sa Kalusugan na nauugnay sa Pag-uugali ng Medi-Cal?***

Bilang miyembro ng Medi-Cal, may karapatan kang makatanggap ng medikal na kinakailangang mga serbisyo sa kalusugan sa pag-uugali mula sa iyong county. Sa pag-access ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali, may karapatan kang:



- Tratuhin na may personal na paggalang at paggalang sa iyong dignidad at privacy.
- Makatanggap ng malinaw at madaling maunawaan na paliwanag ng mga available na opsyon sa paggamot.
- Makibahagi sa mga pasyang nauugnay sa iyong pangangalaga sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali. Kabilang rito ang karapatang tumanggi sa anumang paggamot na ayaw mong matanggap.
- Kunin ang handbook na ito para matuto tungkol sa mga serbisyo ng county, obligasyon ng county, at iyong mga karapatan.
- Humingi ng kopya ng iyong mga medikal na talaan at humiling ng mga pagbabago, kung kinakailangan.
- Maging malaya mula sa anumang pagpigil o pagbubukod na ipinataw bilang paraan ng pamumuwersa, pagdidisiplina, kaghinhawaan, o paghihiganti.
- Makatanggap ng napapanahong access sa pangangalaga 24/7 para sa pang-emergency, agaran, o krisis kapag medikal na kinakailangan.
- Kapag hiniling, makatanggap ng mga nakasulat na materyales sa mga alternatibong format gaya ng Braille, malaking print, at audio format nang nasa oras.
- Makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali mula sa county na sumusunod sa kontrata nito sa estado para sa availability, kapasidad, koordinasyon, saklaw, at pagpapahintulot ng pangangalaga. Kinakailangan ng county na:
  - Gumawa o magkaroon ng mga nakasulat na kontrata sa sapat na bilang ng mga provider para matiyak na lahat ng miyembro ay kwalipikado para sa Medi-Cal at karapat-dapat sa mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali ay makatanggap nito nang nasa oras.
  - Saklawin para sa iyo ang mga medikal na kinakailangang serbisyo na wala sa network nang nasa oras, kung walang empleyado o nakakontratang provider ang county na makakapagbigay sa mga serbisyo.

**Tandaan:** Dapat tiyakin ng county na hindi ka magbabayad ng anumang dagdag para sa pagpapatingin sa isang provider na wala sa network.

Tingnan ang nasa ibaba para sa karagdagang impormasyon:



- *Ang mga medikal na kinakailangang serbisyo sa kalusugan sa pag-uugali* para sa mga indibidwal na may edad na 21 taong gulang o pataas ay mga serbisyong makatuwiran at kinakailangan sa pagprotekta ng buhay, pag-iwas sa malalang sakit o kapansanan, o pag-ibsan ng matinding pananakit. Ang mga medikal na kinakailangang serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali para sa mga indibidwal na wala pang 21 taong gulang ay mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o nagpapagaan ng kondisyon sa kalusugan na nag-uugnay sa pag-uugali.
- *Ang provider na wala sa network* ay isang provider na wala sa listahan ng mga provider ng county.
  - Kapag hiniling, magbigay ng pangalawang opinyon mula sa isang kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nasa o wala sa network nang walang dagdag na bayad.
  - Tiyaking nagsanay ang mga provider na magbigay ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali na sinasang-ayunang saklawin ng mga provider.
  - Tiyaking sapat ang bilang, tagal ng panahon, at saklaw ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali na saklaw ng county para matugunan ang mga pangangailangan ng mga miyembrong kwalipikado sa Medi-Cal. Kabilang rito ang pagtiyak na ang paraan ng county para sa pag-apruba ng pagbabayad para sa mga serbsiyo ay batay sa medikal na pangangailangan at patas na ginamit ang mga pamantayan sa pag-access.
  - Tiyaking nagsasagawa ang mga provider nito ng mga masusing pagtatasa at nakikipagtulungan sa iyo sa paggawa ng mga layunin sa paggamot.
  - Isaayos ang mga serbisyong ibinibigay nito sa iyo kasama ng mga serbisyong ibinibigay sa iyo sa pamamagitan ng isang plano ng managed care o sa iyong provider ng pangunahing pangangalaga, kung kinakailangan.
  - Makibahagi sa mga pagsisikap ng estado na magbigay ng mga serbisyong



angkop sa kultura para sa lahat, kabilang na ang mga may limitadong kakayahan sa Ingles at may iba't ibang pinagmulang kultura at etniko.

- Ihayag ang iyong mga karapatan nang walang mapaminsalang pagbabago sa iyong paggamot.
- Makatanggap ng paggamot at mga serbisyo alinsunod sa iyong mga karapatan na inilarawan sa handbook na ito at ayon sa lahat ng naaangkop na batas ng pederal at estado gaya ng:
  - Pamagat VI ng Batas sa Mga Karapatang Sibil ng 1964 na ipinapatupad ng mga regulasyon sa 45 CFR bahagi 80.
  - Batas sa Diskriminasyon sa Edad ng 1975 na ipinapatupad ng mga regulasyon sa 45 CFR bahagi 91.
  - Batas sa Rehabilitasyon ng 1973.
  - Pamagat IX ng Mga Pagbabago sa Batas sa Edukasyon ng 1972 (kaugnay ng mga programang pang-edukasyon at aktibidad).
  - Pamagat II at III ng Batas sa Mga Amerikanong May Kapansanan.
  - Seksyon 1557 ng Batas sa Proteksyon ng Pasyente at Abot-kayang Pangangalaga.
- Puwedeng mayroon kang mga karagdagang karapatan sa ilalim ng mga batas ng estado kaugnay ng paggamot ng kalusugan sa pag-uugali. Para makipag-ugnayan sa Tagapagtaguyod ng Mga Karapatan ng Pasyente ng iyong county, mangyaring [makipag-ugnayan sa iyong county](#) sa pamamagitan ng paggamit ng numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng handbook na ito.

### **Mga Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo**

#### ***Ano Ang Mga Karapatan Ko Kapag Tinanggihan ng County ang Mga Serbisyon Gusto Ko o sa Palagay Ko ay Kailangan Ko?***

Kung ang iyong county ay tumanggi, magtakda ng limitasyon, magbawas, magpaantala, o magwakas ng isang serbisyon sa palagay mo ay kailangan mo, may karapatan kang makatanggap ng isang nakasulat na abiso mula sa county. Tinatawag ang abisong ito na "Abiso sa Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo." May karapatan ka ring hindi sumang-ayon sa desisyon sa pamamagitan ng paghiling ng apela. Ang mga seksyon sa



ibaba ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa Abiso sa Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo at sa dapat gawin kung hindi ka sumasang-ayon sa pasya ng county.

### ***Ano ang Isang Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo***

Ang Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo ay tinutukoy sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod na pagkilos

na isinasagawa ng county:

- Ang pagtanggi o limitadong pagpapahintulot sa isang hinihiling na serbisyo. Kabilang rito ang mga pasya batay sa uri o antas ng serbisyo, medikal na pangangailangan, kaangkupan, lugar, o pagiging mabisa ng isang sinasaklaw na benepisyo;
- Ang pagbabawas, pagsususpende, o pagwawakas ng isang dating awtorisadong serbisyo;
- Ang pagtanggi, sa kabuuan o sa bahagi, ng pagbabayad para sa isang serbisyo;
- Ang kabiguang magbigay ng mga serbisyo sa isang napapanahong paraan;
- Ang kabiguang kumilos sa loob ng mga kinakailangang timeframe para sa karaniwang paglutas ng mga karaingan at apela. Narito ang mga kinakailangang timeframe:
  - Kung maghahain ka ng karaingan sa county at hindi ka mabibigyan ng county ng nakasulat na pasya tungkol sa iyong karaingan sa loob ng 30 araw.
  - Kung maghahain ka ng apela sa county at hindi ka mabibigyan ng county ng nakasulat na pasya tungkol sa iyong apela sa loob ng 30 araw.
  - Kung naghain ka ng pinabilis na apela at hindi ka nakatanggap ng kasagutan sa loob ng 72 oras.
- Ang pagtanggi sa kahilingan ng isang miyembro na mag-dispute ng pinansyal na pananagutan.

### ***Ano ang Abiso sa Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo?***

Ang Abiso sa Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo ay isang nakasulat na liham na ipapadala sa iyo ng iyong county kung magpasya itong tanggihan, limitahan, bawasan,



iantala o wakasan ang mga serbisyong sa palagay mo at ng iyong provider ay dapat mong matanggap. Ipapaliwanag sa abiso ang prosesong ginamit ng county sa paggawa ng pasya at magsasama ng paglalarawan ng mga pamantayan o alituntunin na ginamit upang matukoy kung ang serbisyo ay medikal na kinakailangan.

Kasama rito ang pagtanggì sa:

- Pagbabayad ng serbisyo.
- Mga claim para sa mga serbisyong hindi sinasaklaw.
- Mga claim para sa mga serbisyong hindi medikal na kinakailangan.
- Mga claim para sa mga serbisyo mula sa maling sistema ng paghahatid.
- Kahilingan sa pag-dispute ng pinansyal na pananagutan.

**Tandaan:** Gumagamit din ng Abiso sa Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo para sabihin sa iyo kung hindi nalutas ang iyong karaingan, apela, o pinabilis na apela nang nasa oras, o kung hindi ka nakakuha ng mga serbisyo ayon sa mga pamantayan sa timeline ng county para sa pagbibigay ng mga serbisyo.

### ***Timing ng Pag-abiso***

Dapat ipadala ng county ang abiso sa pamamagitan ng koreo:

- Sa miyembro sa loob ng hindi bababa sa 10 araw bago ang petsa ng pagkilos para sa pagwawakas, pagsususpende, o pagbabawas ng serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali na dating pinapahintulutan.
- Sa miyembro sa loob ng dalawang araw ng negosyo mula sa pasya para sa pagtanggì sa pagbabayad o mga pasyang nagresulta sa pagtanggì, pagkaantala, o pagbabago sa lahat ng o ilan sa mga hinihiling na serbisyo sa kalusugan sa pag-uugali.

### ***Palagi Ba Akong Makatanggap ng Abiso ng Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo Kapag Hindi Ko Natatanggap ang mga Serbisyong Gusto Ko?***

Oo, dapat kang makatanggap ng Abiso ng Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo. Kung wala kang matatanggap na abiso, puwede kang maghain ng apela sa county o kung natapos mo na ang proseso ng apela, puwede kang humiling ng Patas na Pagdinig



ng Estado. Kapag nakipag-ugnayan ka sa iyong county, ipaalam na nakaranas ka ng hindi kanais-nais na pasya sa benepisyo ngunit hindi ka nakatanggap ng abiso. Ang impormasyong kung paano maghain ng apela o humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado ay kasama sa handbook na ito at dapat ding available sa opisina ng iyong provider.

### ***Ano ang Sasabihin sa Akin ng Abiso ng Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo?***

Sasabihin sa iyo ng Abiso ng Hindi Kanais-nais na Benepisyo ang mga sumusunod:

- Ang ginawa ng iyong county na nakakaapekto sa iyo at sa kakayahan mong makatanggap ng mga serbisyo.
- Ang petsa kung kailan magkakabisa ang pasya at ang dahilan ng pasya.
- Kung ang dahilan ng pagtanggig ay dahil ang serbisyo ay hindi medikal na kinakailangan, maglalaman ang abiso ng isang malinaw na paliwanag kung bakit ginawa ng county ang pasyang ito. Kabilang sa paliwanag ang mga partikular na klinikal na dahilan kung bakit ang serbisyo ay hindi itinuturing na medikal na kinakailangan para sa iyo.
- Ang mga panuntunan ng estado o pederal kung saan ibinatay ang pasya.
- Ang iyong mga karapatang maghain ng apela kung hindi ka sumasang-ayon sa pasya ng county.
- Paano makatanggap ng mga kopya ng mga dokumento, talaan, at iba pang impormasyong nauugnay sa pasya ng county.
- Paano maghain ng apela sa county.
- Paano humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado kung hindi ka nasiyahan sa pasya ng county sa iyong apela.
- Paano humiling ng pinabilis na apela o pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado.
- Paano makakuha ng tulong sa paghahain ng apela o paghiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.
- Gaano katagal ka kailangang maghain ng apela o humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.
- Ang karapatan mong patuloy na makatanggap ng mga serbisyo habang naghihintay ka ng apela o pasya sa Patas na Pagdinig ng Estado, kung paano hilinging ipagpatuloy ang mga serbisyong ito, at kung sasaklawin ba ng Medi-Cal



ang gastos sa mga serbisyong ito.

- Kung kailan mo dapat ihain ang iyong apela o kahilingan sa Patas na Pagdinig ng Estado kung gusto mong magpatuloy ang mga serbisyo.

***Ano ang Dapat Kong Gawin Kapag Nakatanggap Ako ng Abiso ng Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo?***

Kapag nakatanggap ka ng Abiso sa Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo, dapat mong basahing mabuti ang lahat ng impormasyon sa abiso. Kung hindi mo maunawaan ang abiso, matutulungan ka ng iyong county. Puwede ka ring humingi ng tulong sa ibang tao.

Puwede kang humiling ng pagpapatuloy ng inihinto nang serbisyo kapag nagsumite ka ng apela o kahilingan para sa isang Patas na Pagdinig ng Estado. Dapat mong hilingin ang pagpapatuloy ng mga serbisyo hindi hihigit sa 10 araw ng kalendaryo pagkalipas ng petsa kung kailan na-postmark o naihatid sa iyo ang Abiso sa Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo, o bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagbabago.

***Maaari Ko Bang Ipagpatuloy ang Pagtanggap ng Aking mga Serbisyo Habang Hinihintay Ko ang Pasya sa Apela?***

Oo, maaari kang makapagpatuloy sa pagtanggap ng iyong mga serbisyo habang hinihintay mo ang pasya. Ibig sabihin nito ay maaari mong ipagpatuloy ang pagpunta sa iyong provider at/o ang parehong antas ng pangangalaga na kailangan mo.

***Ano ang Kailangan Kong Gawin Upang Magpatuloy sa Pagtanggap ng Aking mga Serbisyo?***

Dapat mong matugunan ang mga sumusunod na kondisyon:

- Humiling ka ng pagpapatuloy ng serbisyo sa loob ng 10 araw sa kalendaryo mula sa petsa ng pagpapadala ng county ng Abiso ng Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo o bago ang petsang sinabi ng county na ititigil ang serbisyo, alinmang petsa ang mas huli.



- Naghain ka ng apela sa loob ng 60 araw sa kalendaryo mula sa petsang nakasaad sa Abiso ng Hindi Kanais-nais na Pasya sa Benepisyo.
- Ang apela ay tungkol sa pagtigil, pagbabawas, o pagsuspende ng serbisyong dati mo nang natatanggap.
- Sumang-ayon ang iyong provider na kailangan mo ang serbisyong ito.
- Hindi pa natatapos ang panahon na inaprubahan na ng county para sa serbisyong ito.

***Ano ang Mangyayari Kung Magpasya ang County na Hindi Ko Kailangan ang Serbisyo Pagkatapos ng Apela?***

Hindi ka kailangang magbayad para sa mga serbisyong natanggap mo habang nakabinbin ang apela.

**Mga Responsibilidad ng Miyembro**

***Ano ang mga responsibilidad ko bilang miyembro ng Medi-Cal?***

Mahalagang maunawaan mo kung paano gumagana ang mga serbisyo ng county para makuha mo ang pangangalagang kailangan mo. Mahalaga ring:

- Dumalo sa iyong paggamot ayon sa nakaiskedyul. Magkakaroon ka ng pinakamahasag na resulta kung makikipagtulungan ka sa iyong provider upang bumuo ng mga layunin para sa iyong paggamot at sundin ang mga layuning iyon. Kung kailangan mong hindi puntahan ang isang appointment, tawagan ang iyong provider nang hindi bababa sa 24 na oras na mas maaga, at muling magpaiskedyul para sa ibang araw at oras.
- Palaging dalhin ang iyong Card ng Pagkakakilanlan para sa Mga Benepisyo (Benefits Identification Card o BIC) ng Medi-Cal at ID na may larawan kapag dumalo ka sa paggamot.
- Ipaalam sa iyong provider kung kailangan mo ng oral interpreter bago ang iyong appointment.
- Sabihin sa iyong provider ang lahat ng iyong mga alalahaning medikal. Kung mas kumpleto ang impormasyong ibabahagi mo tungkol sa iyong mga



pangangailangan, magiging mas matagumpay ang paggamot sa iyo.

- Tiyaking itanong sa iyong provider ang anumang tanong na mayroon ka. Napakahalagang ganap mong maintindihan ang impormasyong natatanggap mo sa panahon ng paggamot.
- Sundin ang planong mga pagkilos na sinang-ayunan mo at ng iyong provider.
- Makipag-ugnayan sa county kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa iyong mga serbisyo o kung mayroon kang anumang problema sa iyong provider na hindi mo malutas.
- Sabihin sa iyong provider at county kung may anumang pagbabago sa iyong personal na impormasyon. Kabilang dito ang iyong address, numero ng telepono, at anumang medikal na impormasyong puwedeng makaapekto sa kakayahan mong lumahok sa paggamot.
- Tratuhan ang mga kawani na nagbibigay ng iyong paggamot nang may respeto at paggalang.
- Kung naghihinala kang may panloloko o maling gawain, iulat ito:
  - Hinihiling ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan sa sinumang naghihinala ng panloloko, pag-aaksaya, o pag-aabuso sa Medi-Cal na tumawag sa Hotline para sa Panloloko sa Medi-Cal ng DHCS sa **1-800-822-6222**. Kung sa palagay mo ay may emergency, mangyaring tumawag sa **911** para sa agarang tulong. Libre ang tawag, at puwedeng hindi magpakilala ang tumatawag.
  - Puwede ka ring mag-ulat ng pinaghihinalaang panloloko o pang-aabuso sa pamamagitan ng email sa [fraud@dhcs.ca.gov](mailto:fraud@dhcs.ca.gov) o gamitin ang online form sa <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMedi-CalFraud.aspx>.

### ***Kailangan Ko Bang Magbayad Para sa Medi-Cal?***

Karamihan sa mga tao sa Medi-Cal ay hindi kailangang magbayad para sa mga serbisyo sa medikal o sa kalusugan sa pag-uugali. Sa ilang sitwasyon, maaaring kailanganin mong magbayad para sa mga serbisyo sa mental at/o sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali batay sa halagang natatanggap o kinikita mo bawat buwan.



- Kung mas maliit ang kita mo kaysa sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, wala kang kailangang bayaran para sa mga serbisyo sa medikal o sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali.
- Kung mas malaki ang kita mo kaysa sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, kailangan mong magbayad ng kaunting pera para sa iyong mga serbisyo sa medikal o sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali. Ang halagang binabayaran mo ay ang iyong 'bahagi sa gastos'. Kapag nabayaran mo na ang iyong 'bahagi sa gastos,' babayaran ng Medi-Cal ang natitira sa iyong mga saklaw na medikal na bill para sa buwang iyon. Sa mga buwan na wala kang medikal na gastusin, hindi mo kailangang magbayad ng anuman.
- Puwedeng kailanganin mong magbayad ng 'co-payment' para sa anumang paggamot sa ilalim ng Medi-Cal. Ibig sabihin, magbabayad ka ng halagang mula sa sariling bulsa sa tuwing kukuha ka ng medikal na serbisyo o pupunta ka sa emergency room ng isang ospital para sa iyong mga regular na serbisyo.
- Sasabihin sa iyo ng iyong provider kung kailangan mong magbigay ng co-payment.



### **ABISO SA HINDI PANDIDISKRIMINA**

Labag sa batas ang diskriminasyon. Ang County ng Santa Clara Behavioral Health Services Department (BHSD) ay sumusunod sa mga Pang-estado at Pederal na batas ng mga karapatan. Ang County ng Santa Clara Behavioral Health Services Department ay hindi nandiskrimina nang labag sa batas, hindi nagbubukod ng mga tao, o hindi sila itinuturing na iba dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, angkan, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etnikong pangkat, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, genetic na imporamasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, kinikilalang kasarian, o sekswal na oryentasyon.

Ang County ng Santa Clara Behavioral Health Services Department ay nagbibigay ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan upang matulungan silang mas mahusay na makipag-ugnayan, gaya ng:
  - Mga kwalipikadong sign language interpreter
  - Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malaking print, braille, audio, mga naa-access na electronic na format)
- Mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, gaya ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter
  - Impormasyong nakasulat sa iba pang wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa county 24 na oras, 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-704-0900. O, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa TTY: 1-800-855-7100 or 711. Sa kahilingan, maaaring ibigay sa iyo ang dokumentong ito nang nasa braille, malaking print, audio, o accessible na electronic na format.

### **KUNG PAANO MAGHAIN NG REKLAMO**

Kung sa palagay mo ang County ng Santa Clara BHSD ay hindi naibigay ang mga serbisyong ito o nandiskrima ito nang labag sa batas sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, angkan, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etnikong pangkat, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na



COUNTY OF SANTA CLARA  
**Behavioral Health Services**

Supporting Wellness and Recovery

kondisyon, genetic na impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, kinikilalang kasarian, o sekswal na oryentasyon, puwede kang maghain ng reklamo sa BHSD Quality Assurance. Puwede kang maghain ng reklamo sa pamamagitan ng telepono, sa pamamagitan ng pagsulat, nang personal, o sa electronic na paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Makipag-ugnayan sa BHSD 24 na oras, 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-704-0900. O, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa TTY: 1-800-855-7100 or 711.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Sagutan ang isang form sa reklamo o magsulat ng liham at ipadala ito sa:

County ng Santa Clara  
BHSD Quality Assurance  
P.O. Box 28504  
San Jose, CA 95159

- Nang personal: Bisitahin ang opisina ng iyong doktor o ang klinika ng BHSD at sabihing gusto mong maghain ng karaingan.
- Sa elektronikong paraan: Bisitahin ang website ng BHSD sa <https://bhsd.santaclaracounty.gov/home>

---

### **TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL – KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NG CALIFORNIA**

Puwede ka ring maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California, Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng telepono, liham, o elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **916-440-7370**. Kung hindi ka nakakapagsalita o nakakarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa **711 (California State Relay)**.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang form ng reklamo o magpadala ng liham sa:

**Department of Health Care Services**



COUNTY OF SANTA CLARA  
**Behavioral Health Services**

Supporting Wellness and Recovery

**Office of Civil Rights**

**P.O. Box 997413, MS 0009**

**Sacramento, CA 95899-7413**

Available ang mga form ng reklamo sa:

<https://www.dhcs.ca.gov/discrimination-grievance-procedures>

- Sa elektronikong paraan: Magpadala ng email sa [CivilRights@dhcs.ca.gov](mailto:CivilRights@dhcs.ca.gov).

---

**TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL – KAGAWARAN NG MGA SERBISYO  
SA KALUSUGAN AT PANTAO NG U.S**

Kung naniniwala kang nadiskrimina ka batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, puwede ka ring maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Estados Unidos, Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng telepono, liham, o sa elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung hindi ka makapagsalita o makarinig nang mabuti, mangyaring tumawag sa **TTY/TDD 1-800-537-7697**.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang form ng reklamo o magpadala ng liham sa:

**Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Estados Unidos**

**200 Independence Avenue, SW**

**Room 509F, HHH Building**

**Washington, D.C. 20201**

- Available ang mga form ng reklamo sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.
- Sa elektronikong paraan: Bisitahin ang Portal ng Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>



### **ABISO SA MGA GAWAIN SA PRIVACY**

Mayroong available na pahayag na naglalarawan sa mga patakaran at pamamaraan ng county para sa pangangalaga ng pagiging kumpidensyal ng mga medikal na talaan at ito ay ibibigay sa iyo kapag hiniling mo.

Kung ikaw ay nasa wastong edad at may kakayahang magbigay ng pahintulot para sa mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali, hindi mo kailangang kumuha ng pahintulot mula sa sinumang ibang miyembro upang makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali o upang magsumite ng claim sa pagbabayad para sa mga naturang serbisyo.

Puwede mong hilingin sa county na ipadala ang mga komunikasyon tungkol sa mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali sa ibang mailing address, email address, o numero ng telepono na iyong pipiliin. Ito ay tinatawag na "kahilingan para sa mga kumpidensyal na komunikasyon." Kung ikaw ay pumayag sa pangangalaga, hindi ibibigay ng county ang impormasyon tungkol sa iyong mga serbisyo sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali sa sinumang iba pa nang wala ang iyong nakasulat na pahintulot. Kung hindi ka magbibigay ng mailing address, email address, o numero ng telepono, ipapadala ng county ang mga komunikasyon sa iyong pangalan sa address o numero ng telepono na nasa talaan.

Igagalang ng county ang iyong mga kahilingan na makatanggap ng mga kumpidensyal na komunikasyon sa form at format na iyong hiniling. O titiyakin nilang ang iyong mga komunikasyon ay madaling mailagay sa form at format na iyong hiniling. Ipapadala ng county ang mga ito sa ibang lokasyon na iyong pinili. Ang iyong kahilingan para sa mga kumpidensyal na komunikasyon ay tumatagal hanggang sa kanselahin mo ito o magsumite ng bagong kahilingan para sa mga kumpidensyal na komunikasyon.

Puwede mong hilingin sa amin na ipadala ang iyong impormasyong pangkalusugan sa ibang paraan (halimbawa, sa pamamagitan ng email sa halip na koreo) o sa ibang lugar (halimbawa, sa isang bagong mailing address). Tutugon ang county sa mga



makatuwirang kahilingan. Hindi mo kailangang magbigay ng dahilan maliban sa pagsasabing ang pagpapadala ng impormasyon sa iyong karaniwang address ay maaaring maglagay sa iyo sa kapahamakan.

Paano magsumite ng kahilingan (pumili ng isa):

- Email: [BHS\\_QI@hhs.sccgov.org](mailto:BHS_QI@hhs.sccgov.org)
- Koreo: Member Rights, P.O. Box 28504, San Jose, CA 95159-9903

Ano ang dapat isama sa iyong kahilingan:

- Ang iyong buong pangalan at alinman sa petsa ng kapanganakan o Member ID
- Isang numero ng telepono o email kung saan maaari ka naming makontak kung may mga katanungan
- Ang eksaktong address, email, o numero ne telepono na gusto mong gamitin namin
- Kung paano mo gusto na makontak ka namin (koreo, email, telepono, o iba pa). Mangyaring maging tiyak upang maprotektahan namin ang iyong privacy at matiyak na ang iyong impormasyon ay mapupunta lamang kung saan mo gusto.
- Kung ito ay naaangkop sa lahat ng komunikasyon o sa mga partikular na uri lamang (halimbawa, mga bayarin, paalala sa appointment, mga resulta ng pagsusuri)
- Opsyonal: petsa ng pagsisimula at petsa ng pagtatapos para sa kahilingang ito

Gaano ito katagal:

Ang iyong kahilingan ay mananatili hanggang sa ito ay iyong kanselahin o magpadala ka sa amin ng bagong kahilingan. Puwede mong baguhin o kanselahin ang iyong kahilingan anumang oras sa pamamagitan ng pag-email sa [BHS\\_QI@hhs.sccgov.org](mailto:BHS_QI@hhs.sccgov.org) o pagpapadala ng liham sa Member Rights, P.O. Box 28504, San Jose, CA 95159-9903. Kukumpirmahin namin kapag nagkabisa ang iyong kahilingan.



COUNTY OF SANTA CLARA  
**Behavioral Health Services**

Supporting Wellness and Recovery

[Abiso sa Mga Gawain sa Privacy:](#)

Ang aming mga patakaran para sa pagprotekta ng iyong medikal na impormasyon ay available dito: <https://bhsd.santaclaracounty.gov/member-support/member-health-data>



## **MGA SALITANG DAPAT MALAMAN**

**988 Suicide and Crisis Lifeline:** Isang numero ng telepono na nagbibigay ng libre, kumpidensyal na suporta para sa mga taong nakararanas ng krisis sa kalusugan ng pag-iisip, kabilang ang mga pag-iisip sa pagpapakamatay. Available ito 24/7 upang iugnay ang mga tumatawag sa mga sinanay na tagapayo na maaaring magbigay ng tulong at suporta.

**Hukom sa pang-administratibong batas:** Isang hukom na nakikinig at nagpapasya sa mga kaso na may kinalaman sa mga hindi kanais-nais na pasya sa benepisyo.

**American Society of Addiction Medicine (ASAM):** Isang propesyonal na samahang medikal na kumakatawan sa mga doktor at iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na dalubhasa sa paggamot sa adiksiyon. Ang organisasyon na ito ang lumikha ng ASAM Criteria, na siyang pambansang hanay ng pamantayan para sa paggamot sa adiksiyon.

**Paglutas ng apela:** Ang proseso ng paglutas ng hindi pagkakasundo na mayroon ka sa isang pasyang ginawa ng county tungkol sa saklaw ng isang hiniling na serbisyo. Sa mas simpleng salita: Ito ang paraan upang muling masuri ang isang pasya na hindi mo sinasang-ayunan.

**Mga Application Programming Interfaces (API):** Ang mga API ay parang mga mensahero na nagpapahintulot sa iba't ibang software program na “mag-usap” sa isa’t isa at magbahagi ng impormasyon.

**Pagtatasa:** Isang aktibidad ng serbisyo na idinisenyo upang suriin ang kasalukuyang katayuan ng kalusugan ng pag-iisip, emosyonal, o nauugnay sa pag-uugali.

**Awtorisasyon:** Pagbibigay ng pahintulot o pag-apruba.

**Awtorisadong kinatawan:** Isang taong legal na pinahintulutang kumilos sa ngalan ng ibang tao.

**Kalusugan na nauugnay sa Pag-uugali:** Tumutukoy sa ating emosyonal, sikolohikal, at panlipunang kagalingan. Sa mas simpleng salita: Ito ay tungkol sa kung paano tayo nag-iisip, nakakaramdam, at nakikipag-ugnayan sa iba.

**Mga Benepisyo:** Mga serbisyong pangkalusugan at mga gamot na saklaw ng planong pangkalusugan na ito.



**Benefits Identification Card (BIC):** Isang ID para mapatunayan ang iyong seguro sa pangkalusugan ng Medi-Cal.

**Care Coordination Services (Coordination of Care):** Tumutulong sa tao na ma-navigate ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

**Tagapag-alaga:** Isang taong nagbibigay ng pangangalaga at suporta sa ibang taong nangangailangan ng tulong.

**Case manager:** Mga rehistradong nars o mga social worker na tumutulong sa isang miyembro na maunawaan ang malalaking isyung pangkalusugan at mag-ayos ng pangangalaga kasama ang mga provider ng miyembro.

**Pamamahala ng case:** Isang serbisyo na tumutulong sa mga miyembro na ma-access ang kinakailangang mga serbisyong medikal, edukasyonal, panlipunan, rehabilitative, o iba pang serbisyong pangkomunidad. Sa madaling salita, tinutulungan nito ang mga tao na makuha ang pangangalaga at suportang kailangan nila.

**CHIP (Children's Health Insurance Program):** Isang programa ng pamahalaan na tumutulong sa mga pamilya na makakuha ng segurong pangkalusugan para sa kanilang mga anak kung hindi nila ito kayang tustusan.

**Coordinator ng Karapatang Pantao:** Tinitiyak na ang isang organisasyon (tulad ng paaralan, kumpanya, o ahensya ng pamahalaan) ay sumusunod sa mga batas na nagpoprotekta sa mga tao laban sa diskriminasyon.

**Client-driven:** Isang bagay na nakatuon sa mga pangangailangan at kagustuhan ng kliyente.

**Mga organisasyong nakabatay sa komunidad:** Mga grupo ng tao na nagtutulong upang mapabuti ang kanilang komunidad.

**Community-based adult services (CBAS):** Mga serbisyong outpatient na ibinibigay sa pasilidad, para sa kasanayang pang-nursing, mga serbisyong panlipunan, mga therapy, personal na pangangalaga, pagsasanay at suporta para sa pamilya at tagapag-alaga, mga serbisyong nutrisyon, transportasyon, at iba pang mga serbisyo para sa mga miyembro na kwalipikado.

**Pagpapatatag na nakabatay sa komunidad:** Tumutulong sa mga taong nakararanas ng krisis sa kalusugan ng pag-iisip na makatanggap ng suporta sa loob ng kanilang sariling komunidad sa halip na pumunta sa ospital.



**Pagpapatuloy ng serbisyo:** Tingnan ang pagpapatuloy ng pangangalaga.

**Pagpapatuloy ng pangangalaga:** Ang kakayahan ng isang miyembro ng plano na patuloy na makatanggap ng mga serbisyong Medi-Cal mula sa kanilang kasalukuyang provider na wala sa network nang hanggang 12 buwan kung magkasundo ang provider at ang county.

**Copayment (co-pay):** Isang pagbabayad na ginagawa ng miyembro, karaniwan sa oras ng pagtanggap ng serbisyo, bilang karagdagan sa pagbabayad ng insurer.

**Mga Serbisyong Saklaw:** Mga serbisyong Medi-Cal na kung saan responsable ang county sa pagbabayad. Ang mga serbisyong saklaw ay saklaw ng mga tuntunin, kondisyon, limitasyon, at pagbubukod ng kontrata sa Medi-Cal, anumang pagbabago sa kontrata, at gaya ng nakalista sa Handbook ng Miyembro na ito (kilala rin bilang Pinagsamang Ebidensya ng Saklaw (EOC) at Disclosure Form).

**Mga serbisyong may kakayahang pangkultura:** Pagbibigay ng mga serbisyo na may paggalang at tumutugon sa kultura, wika, at mga paniniwala ng isang tao.

**Itinalagang (mga) mahahalagang tao sa suporta:** (Mga) taong itinuturing ng miyembro o ng provider na mahalaga sa tagumpay ng paggamot. Puwedeng kabilang dito ang mga magulang o legal na tagapag-alaga ng menor de edad, sinumang nakatira sa parehong sambahayan, at iba pang kamag-anak ng miyembro.

**DHCS:** Ang Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California. Ito ang tanggapan ng Estado na namamahala sa programa ng Medi-Cal.

**Diskriminasyon:** Ang hindi patas o hindi pantay na pagtrato sa isang tao batay sa kanilang lahi, kasarian, relihiyon, sekswal na oryentasyon, kapansanan, o iba pang katangian.

**Early and periodic screening, diagnostic, and treatment (EPSDT):** Tingnan ang “Medi-Cal para sa Mga Bata at Teenager.”

**Mga serbisyo sa paggamot na nakatuon sa pamilya:** Nagbibigay ng suporta at paggamot sa mga bata at kanilang pamilya upang matugunan ang mga hamon sa kalusugan ng pag-iisip sa loob ng tahanan.

**Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya:** Mga serbisyong pumipigil o nagpapaliban sa pagbubuntis. Ang mga serbisyong ay ibinibigay sa mga miyembro na nasa edad na



maaaring manganak upang matulungan silang tukuyin ang bilang at pagitan ng kanilang mga anak.

**Fee-for-Service (FFS) Medi-Cal:** Isang modelo ng pagbabayad kung saan ang mga provider ng Kalusugan na nauugnay sa Pag-uugali ay binabayaran para sa bawat indibidwal na serbisyong kanilang ibinigay sa pasyente, sa halip na buwanang o taunang bayad bawat pasyente. Saklaw ng programang ito ang Medi-Cal Rx.

**Pinansyal na pananagutan:** Pagiging responsable sa pagbabayad ng utang o gastos.

**Foster home:** Isang sambahayan na nagbibigay ng 24-oras na pansamantalang pangangalaga para sa mga batang hiwalay sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga.

**Panloloko:** Isang sinadyang gawain ng panlilinlang o maling pagpapahayag na ginawa ng isang tao na may kaalaman na ang naturang panlilinlang o maling pagpapahayag ay maaaring magresulta sa hindi awtorisadong benepisyo para sa kanyang sarili o sa ibang tao.

**Buong saklaw ng Medi-Cal:** Libre o murang serbisyong pangkalusugan para sa mga tao sa California na nagbibigay ng higit pa sa pang-emergency na pangangalagang pangkalusugan. Nagbibigay ito ng medikal, dental, kalusugan ng pag-iisip, pagpapalano ng pamilya, at pangangalaga sa paningin (mata). Sinasaklaw din nito ang paggamot para sa paggamit ng alak at droga, mga gamot na inireseta ng iyong doktor, at iba pa.

**Mga Karaingan:** Isang pasalita o nakasulat na nagpapahayag ng kawalang-kasiyahan ng isang miyembro tungkol sa isang serbisyong saklaw ng Medi-Cal, isang pinamamahalaang pangangalaga, isang county, o isang provider ng Medi-Cal. Ang karaingan ay kapareho ng isang reklamo.

**Tagapag-alaga:** Isang taong may legal na pananagutan sa pangangalaga at kapakanan ng ibang tao, karaniwan ay isang bata o isang taong hindi kayang alagaan ang kanyang sarili.

**Ospital:** Isang lugar kung saan ang isang miyembro ay tumatanggap ng inpatient at outpatient na pangangalaga mula sa mga doktor at nars.

**Pagpapa-ospital:** Pagpasok o pagtanggap sa isang ospital para sa paggamot bilang isang inpatient.

**Indian Health Care Providers (IHCP):** Isang programang pangkalusugan na pinamamahalaan ng Indian Health Service (IHS), isang Indian Tribe, Tribal Health



Program, Tribal Organization, o Urban Indian Organization (UIO), ayon sa pagkakakahulugan ng mga terminong ito sa Seksyon 4 ng Indian Health Care Improvement Act (25 U.S.C. seksyon 1603).

**Paunang Pagtatasa:** Isang paunang pagsusuri ng miyembro upang matukoy ang pangangailangan para sa mga serbisyong pangkalusugang pangkaisipan o paggamot para sa disorder sa paggamit ng substance.

**Inpatient na Detoxification:** Isang boluntaryong serbisyong medikal para sa agarang pangangalaga sa detoxification bilang inpatient para sa mga miyembrong may malulubhang komplikasyong medikal na nauugnay sa mga withdrawal.

**Integrated Core Practice Model:** Isang gabay na naglalahad ng mga pinahahalagahan, pamantayan, at mga kasanayan sa pagtatrabaho kasama ang mga bata, kabataan, at mga pamilya sa California.

**Lisensyadong propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip:** Sinumang provider na may lisensyado alinsunod sa naaangkop na batas ng Estado ng California, tulad ng mga sumusunod: lisensyadong manggagamot, lisensyadong psychologist, lisensyadong clinical social worker, lisensyadong propesyonal na clinical counselor, lisensyadong therapist sa kasal at pamilya, rehistradong nars, lisensyadong vocational nurse, at lisensyadong psychiatric technician.

**Lisensyadong ospital ng psychiatric:** Isang pasilidad para sa paggamot ng kalusugan ng pag-iisip na lisensyado upang magbigay ng 24-oras na inpatient na pangangalaga para sa mga taong may mga sakit sa pag-iisip, itinuturing na walang kakayahan, o itinuturing na panganib sa kanilang sarili o sa iba.

**Lisensyadong residenyal na pasilidad:** Mga residensyal na pasilidad na nagbibigay ng hindi medikal para sa mga nasa hustong gulang na nagpapagaling mula sa mga problemang may kaugnayan sa maling paggamit o pag-abuso sa alak o iba pang droga (AOD).

**Plano ng pinamamahalaang pangangalaga:** Isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal na gumagamit lamang ng mga piling doktor, espesyalista, klinika, parmasya, at ospital para sa mga tumatanggap ng Medi-Cal na naka-enroll sa planong iyon.



**Medi-Cal:** Ang bersyon ng California ng pederal na programang Medicaid. Nag-aalok ang Medi-Cal ng libre at murang saklaw ng kalusugan para sa mga karapat-dapat na taong naninirahan sa California.

**Medi-Cal para sa Mga Bata at Teenager:** Isang benepisyong para sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pang 21 taong gulang upang matulungan silang manatiling malusog. Kailangang makatanggap ang mga miyembro ng tamang mga pagsusuri sa kalusugan ayon sa kanilang edad at naaangkop na mga screening upang matukoy ang mga problemang pangkalusugan at magamot ang mga sakit nang maaga. Dapat silang magpagamot para mapangalagaan at matulungan ang mga kondisyong maaaring makita sa mga check-up. Ang benepisyong ito ay kilala rin bilang benepisyong ng Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment (EPSDT) sa ilalim ng pederal na batas.

**Espesyalista para sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal** Isang indibidwal na namuhay na may karanasan sa mga kondisyon sa kalusugan na nauugnay sa pag-uugali o paggamit ng substance at kasalukuyang nagpapagaling, na nakakumpleto sa mga kinakailangan sa programa ng pagsertipika na naaprubahan ng Estado ng county, sertipikado ng county, at nagbibigay sa mga serbisyong ito sa ilalim ng direksyon ng isang Propesyonal sa Kalusugan na Nauugnay sa Pag-uugali na lisensyado, na-waiver, o rehistrado sa Estado.

**Medi-Cal Rx:** Isang serbisyong benepisyong sa botika na bahagi ng FFS Medi-Cal at kilala bilang “Medi-Cal Rx,” na nagbibigay ng mga benepisyong at serbisyong pang-botika, kabilang ang mga iniresetang gamot at ilang medikal na kagamitan, para sa lahat ng miyembro ng Medi-Cal.

**Medikal na kailangan (o medikal na kinakailangan)** Para sa mga miyembrong may edad na 21 taon pataas, medikal na kinakailangan ang isang serbisyo kapag makatuwiran at kinakailangan ito para maprotektahan ang iyong buhay, maiwasan ang malalang sakit o kapansanan, o maibsan ang matinding pananakit. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, ang isang serbisyo ay medikal na kinakailangan kung ito ay naglalayong itama o mapabuti ang isang sakit o kondisyong pangkaisipan na natuklasan sa pamamagitan ng isang serbisyo ng screening.

**Medication Assisted Treatment (MAT):** Ang paggamit ng mga gamot na inaprubahan ng FDA na pinagsasama sa pagpapayo o mga therapy na nauugnay sa pag-uugali upang



makapagbigay ng isang “buong-pasyente” na pamamaraan sa paggamot ng disorder sa paggamit ng substance.

**Miyembro:** Isang indibidwal na naka-enroll sa programang Medi-Cal.

**Krisis sa kalusugan ng pag-iisip:** Kapag ang isang tao ay nakararanas ng sitwasyon kung saan ang kanyang mga pag-uugali o mga sintomas ay naglalagay sa kanya o sa iba sa panganib at nangangailangan ng agarang atensyon.

**Plano sa kalusugan ng pag-iisip:** Bawat county ay may plano sa kalusugan ng pag-iisip na may pananagutan sa pagbibigay o pagsasaayos ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa kanilang county.

**Network:** Isang grupo ng mga doktor, klinika, ospital, at iba pang mga provider na may kontrata sa county upang magbigay ng pangangalaga.

**Hindi pang-emergency na medikal na transportasyon:** Transportasyon sa pamamagitan ng ambulansya, wheelchair van, o litter van para sa mga hindi puwedeng gumamit ng pampubliko o pribadong transportasyon.

**Hindi medikal na transportasyon:** Transportasyon para sa pagbiyahe papunta at pauwi mula sa isang appointment para sa serbisyong saklaw ng Medi-Cal na inaprubahan ng provider ng miyembro at para sa pagkuha ng mga reseta at medikal na kagamitan.

**Tanggapan ng Ombudsman:** Tumutulong sa paglutas ng mga problema mula sa isang neutral na pananaw upang matiyak na natatanggap ng mga miyembro ang lahat ng medikal na kinakailangan at saklaw na mga serbisyo na responsibilidad ng mga plano ayon sa kontrata.

**Paglalagay sa labas ng tahanan:** Isang pansamantala o permanenteng pag-alis ng isang bata mula sa kanyang tahanan patungo sa isang mas ligtas na kapaligiran, tulad ng paninirahan sa isang foster family o sa isang group home.

**Provider na wala sa network:** Isang provider na hindi bahagi ng kinontratang network ng county.

**Personal na gastos:** Isang personal na gastos ng miyembro upang makatanggap ng mga saklaw na serbisyo. Kabilang dito ang mga premium, copay, o anumang karagdagang gastos para sa mga saklaw na serbisyo.



**Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient:** Mga serbisyo ng outpatient para sa mga miyembrong may banayad hanggang katamtamang mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip kabilang ang:

- Indibidwal o panggrupong pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng pag-iisip (psychotherapy)
- Pagsusuri sa sikolohikal kapag ipinahiwatig sa klinika upang suriin ang isang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip
- Mga serbisyo ng outpatient para sa layunin ng pagsubaybay sa mga inireresetang gamot.
- Psychiatric na pagpapakonsulta
- Mga laboratoryo, supply, at suplemento para sa outpatient

**Kalahok na provider (o kalahok na doktor):** Isang doktor, ospital, o iba pang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o lisensyadong pasilidad ng kalusugan, kabilang ang mga sub-acute na pasilidad, na may kontrata sa county upang mag-alok ng mga serbisyong saklaw sa mga miyembro sa oras na tumanggap ang miyembro ng pangangalaga.

**Pagbuo ng plano:** Isang aktibidad sa serbisyo na binubuo ng pagbuo ng mga plano ng kliyente, pag-apruba ng mga plano ng kliyente, at/o pagsubaybay sa pag-unlad ng isang miyembro.

**Mga gamot na may reseta:** Isang gamot na legal na nangangailangan ng utos o reseta mula sa isang lisensyadong provider upang maibigay, hindi tulad ng mga over-the-counter (“OTC”) na gamot na hindi nangangailangan ng reseta.

**Pangunahing pangangalaga:** Kilala rin bilang “routine care.” Ito ay mga medikal na kinakailangang serbisyo at pangangalagang pang-iwas, mga pagbisita para sa well-child, o pangangalaga tulad ng regular na follow-up. Ang layunin ng mga serbisyong ito ay maiwasan ang mga problema sa kalusugan.

**Primary care provider (PCP):** Ang lisensyadong provider na pinili ng miyembro para sa karamihan ng kanyang pangangalagang pangkalusugan. Tinutulungan ng PCP ang miyembro na makuha ang pangangalagang kailangan niya. Ang PCP ay maaaring:

- Pangkahalatang practitioner
- Internist



- Pediatrician
- Family practitioner
- OB/GYN
- Indian Health Care Provider (IHCP)
- Federally Qualified Health Center (FQHC)
- Rural Health Clinic (RHC)
- Nars na practitioner
- Assistant ng manggagamot
- Klinika

**Paunang awtorisasyon: (paunang pag-apruba)** Ang proseso kung saan ang isang miyembro o ang kanyang provider ay kailangang humiling ng pag-apruba mula sa county para sa ilang mga serbisyo upang matiyak na sasagutin o sasaklawin ng county ang mga ito. Ang isang referral ay hindi isang pag-apruba. Ang paunang awtorisasyon ay kapareho ng paunang pag-apruba.

**Paglutas ng problema:** Ang proseso na nagpapahintulot sa isang miyembro na malutas ang isang problema o alalahanin tungkol sa anumang isyung may kaugnayan sa mga pananagutan ng county, kabilang ang pagbibigay ng mga serbisyo.

**Direktoryo ng Provider:** Isang listahan ng mga provider na kabilang sa network ng county.

**Pangkaisipang kondisyong medikal na pang-emergency:** Isang sakit sa pag-iisip kung saan ang mga sintomas ay malubha o sapat na malubha upang magdulot ng agarang panganib sa miyembro o sa iba pa o sa miyembro ay hindi kaagad makapagbigay o gumamit ng pagkain, tirahan, o damit dahil sa sakit sa pag-iisip.

**Sikolohikal na pagsusuri:** Isang pagsusuri na tumutulong upang maunawaan ang mga iniisip, damdamin, at pag-uugali ng isang tao.

**Referral:** Kapag sinabi ng PCP ng miyembro na maaari siyang tumanggap ng pangangalaga mula sa ibang provider. Ang ilang serbisyong saklaw ay nangangailangan ng referral at paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon).

**Mga serbisyo at device sa rehabilitative and habilitative therapy:** Mga serbisyo at kagamitang tumutulong sa mga miyembro na may mga pinsala, kapansanan, o malalang kondisyon upang makamit, mapaunlad, o maibalik ang mga kasanayang mental at pisikal.



**Mga serbisyo ng residenyal na shelter:** Nagbibigay ng pansamantalang pabahay at suporta sa mga taong walang tirahan o nakararanas ng krisis sa pabahay.

**Screening:** Isang mabilis na pagsusuri na isinasagawa upang matukoy ang pinakaangkop na mga serbisyo.

**Bahagi ng gastos:** Ang halagang kailangang bayaran ng isang miyembro bilang bahagi ng kanyang gastusing medikal bago magsimulang magbayad ang Medi-Cal para sa mga serbisyo.

**Malubhang emosyonal na suliranin (mga problema):** Tumutukoy sa malubhang mga karamdamang pangkaisipan, nauugnay sa pag-uugali, o emosyonal sa mga bata at kabataan na humahadlang sa kanilang kakayahang gumanap nang maayos sa tahanan, paaralan, o komunidad.

**Espesyalista (o dalubhasang doktor):** Isang doktor na gumagamot ng mga partikular na uri ng problemang pangkalusugan. Halimbawa, isang orthopedic surgeon ay gumagamot ng mga nabaling buto; isang allergist ay gumagamot ng mga allergy; at isang cardiologist ay gumagamot ng mga problema sa puso. Sa karamihan ng mga kaso, kinakailangan ng isang miyembro ang referral mula sa kanyang PCP upang makapunta sa isang espesyalista.

**Mga natatanging serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip (SMHS):** Mga serbisyo para sa mga miyembrong may mga pangangailangan sa serbisyo ng kalusugan sa pag-iisip na mas mataas kaysa sa banayad hanggang katamtamang antas ng kapansanan.

**Nakabatay sa lakas:** Tinitingnan kung ano ang magagawa ng isang tao, sa halip na tumuon lamang sa kanyang mga problema.

**Mga serbisyo para sa disorder sa paggamit ng substance:** Mga serbisyong tumutulong sa mga taong nahihirapan dahil sa adiksiyon o pagkalulong sa droga o alak.

**Telehealth:** Isang paraan ng paghahatid ng mga serbisyong pangkalusugan sa pamamagitan ng mga teknolohiya sa impormasyon at komunikasyon upang mapadali ang pangangalaga sa kalusugan ng pasyente.

**Trauma:** Isang malalim na emosyonal at sikolohikal na pagkabalisa na nagreresulta mula sa pagkaranas o pagsaksi sa isang nakakatakot na pangyayari.

**Mga natatanging serbisyo sa kalusugan ng isip na may kaalaman sa trauma:** Mga serbisyong kinikilala na maraming taong may mga suliranin sa kalusugang pangkaisipan



ang nakaranas ng trauma, at nagbibigay ng pangangalagang sensitibo at sumusuporta sa mga nakaranas ng trauma.

**Plano ng Paggamot:** Isang plano upang tugunan ang mga pangangailangan ng isang miyembro at subaybayan ang pag-unlad nito upang maibalik ang pinakamataas na posibleng antas ng kakayahang gumana ng miyembro.

**TTY/TDD:** Mga device na tumutulong sa mga taong bingi, may kahirapan sa pandinig, o may kapansanan sa pagsasalita upang makagawa at makatanggap ng mga tawag sa telepono. Ang TTY ay nangangahulugang “Teletypewriter”. TDD ay nangangahulugang “Telecommunications Device for the Deaf.”

**Mga serbisyong bokasyonal:** Mga serbisyong tumutulong sa mga tao na makahanap at mapanatili ang trabaho.

**Waitlist** Isang listahan ng mga taong naghihintay para sa isang bagay na kasalukuyang hindi pa available, ngunit maaaring maging available sa hinaharap.

**Warm handoff:** Isang maayos at tuluy-tuloy na paglilipat ng pangangalaga mula sa isang provider patungo sa iba.



## **KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA IYONG COUNTY**

### **Mga Serbisyo para sa Suporta ng Peer ng Medi-Cal**

- Kasalukuyang inaalok ng County ng Santa Clara. Mangyaring sumangguni sa page ng [Impormasyon Sa Pakikipag-ugnayan sa County](#) to upang matuto ng higit pa.

### **Assertive Community Treatment (ACT)**

- Kasalukuyang inaalok ng County ng Santa Clara. Mangyaring sumangguni sa page ng [Impormasyon Sa Pakikipag-ugnayan sa County](#) to upang matuto ng higit pa.

### **Forensic Assertive Community Treatment (FACT)**

- Kasalukuyang inaalok ng County ng Santa Clara. Mangyaring sumangguni sa page ng [Impormasyon Sa Pakikipag-ugnayan sa County](#) to upang matuto ng higit pa.

### **Coordinated Specialty Care (CSC) para sa First Episode Psychosis (FEP)**

- Kasalukuyang inaalok ng County ng Santa Clara. Mangyaring sumangguni sa page ng [Impormasyon Sa Pakikipag-ugnayan sa County](#) to upang matuto ng higit pa.

### **Mga Serbisyo ng Clubhouse**

- Ang Mga Serbsiyo ng Clubhouse ay kasalukuyang hindi inaalok ng County ng Santa Clara sa ngayon.

### **Pinahusay na Serbisyo ng Community Health Worker (CHW)**

- Kasalukuyang inaalok ng County ng Santa Clara. Mangyaring sumangguni sa page ng [Impormasyon Sa Pakikipag-ugnayan sa County](#) to upang matuto ng higit pa.

### **Suportadong Pagtatrabaho**

- Kasalukuyang inaalok ng County ng Santa Clara. Mangyaring sumangguni sa page ng [Impormasyon Sa Pakikipag-ugnayan sa County](#) to upang matuto ng higit pa.